شرح الدروس المهمة ـ تجالوج

# Ang Pagpapaliwanag mga

# Mahahalagang Aralin



جمعية الدعوة بالزلفي


جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي

24

هاتف: ٤٢٣٤٤٦٦ ٠١٦ ـ فاكس: ٤٢٣٤٤٧٧ ٠١٦

# شرح الدروس المهمة

# Ang Pagpapaliwanag sa mga Mahalagang Aralin


**Guidance Centre at AzZulfi**

**Zulfi - Saudi Arabia**

**Tel: 0164234466 – Fax: 0164234477**

**Youtube: zdurus & zdawah**

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات في الزلفي

Tel: 966 164234466 - Fax: 966 164234477

**شرح الدروس المهمة**
**تأليف: الشيخ عبد العزيز بن داود الفايز**
**مراجعة: سماحة الشيخ عبد العزيز بن عبد الله بن باز**
**ترجمه إلى اللغة الفلبينية جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي – المملكة العربية السعودية**
**الطبعة الثالثة: ١٤٤٢/٦ هـ**


**ح شعبة توعية الجاليات بالزلفي، ١٤١٦ هـ**

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية
شرح الدروس المهمة / شعبة توعية الجاليات بالزلفي – الزلفي

٦٢ ص؛ ١٢ × ١٧ سم

ردمك: ٩ـ ١٦ـ ٨١٣ـ٩٩٦٠

النص باللغة الفلبينية

١. التوبة (الإسلام)    أ. العنوان

ديوي ٢١١    ١٦/٣٥٤٧

**رقم الإيداع: ١٦/٣٥٤٧**
**ردمك: ٩ـ ١٦ـ ٨١٣ـ٩٩٦٠**

# Mga Nilalaman


| | |
|---|---|
| UNANG ARALIN | 5 |
| IKALAWANG ARALIN | 7 |
| IKATLONG ARALIN | 15 |
| IKAAPAT NA ARALIN | 26 |
| IKALIMANG ARALIN | 30 |
| IKAANIM NA ARALIN | 32 |
| IKAPITONG ARALIN | 34 |
| IKAWALONG ARALIN | 39 |
| IKASIYAM NA ARALIN | 42 |
| IKASAMPUNG ARALIN | 45 |
| IKALABING-ISANG ARALIN | 47 |
| IKALABINDALAWANG ARALIN | 49 |
| IKALABINTATLONG ARALIN | 51 |
| IKALABING-APAT NA ARALIN | 53 |
| IKALABINLIMANG ARALIN | 56 |
| IKALABING-ANIM NA ARALIN | 57 |
| IKALABIMPITONG ARALIN | 60 |
| IKALABING-WALONG ARALIN | 63 |

# UNANG ARALIN

Ang *Súrah al-Fátihah* at ang makakaya sa mga maiikling *Súrah* mula sa *Súrah az-Zalzalah* (ika-99 *Súrah*) hanggang sa *Súrah an-Nás* (ika-114 *Súrah*) ay ipabibigkas kalakip ng pagwawasto sa pagbigkas, pagpapasaulo at pagpapaliwanag sa kinakailangang maunawaan.

---

Nabanggit ni Shaykh ‘Abdul‘azíz ibnu Báz, kaawaan siya ni Allah, sa Unang Aralin mula sa aklat na pinamagatang *Ang mga Mahahalagang Aralin Para sa Sambayang Muslim* na nararapat sa bawat Muslim—ayon sa kakayahan niya—na matutuhang bigkasin ang Súrah al-Fátihah at ang makakaya niya sa mga maiikling Súrah dahil ang matutuhang bigkasin ang Súrah al-Fátihah ay tungkulin ng bawat Muslim mismo dahil walang naisagawang saláh ang sinumang hindi bumigkas ng al-Fátihah. Napatotohanan iyon sa isang Hadíth na Sahíh mula sa Propeta (SAS).[1] Tungkulin din ng nagtuturo ng Súrah na ito sa mga tao na sundin ang mga sumusunod na hakbang:

A. Ipabibigkas sa mga tinuturuan ang tamang pagbigkas kung hindi sila marunong bumasa ng Qur’an. Ngunit kung marunong naman silang bumasa ng Qur’an, kailangang lumipat na sila sa ikalawang antas mula sa antas ng pagpapabigkas: pagwawasto sa pagbigkas. Pagkatapos ay lilipat naman sa ikatlong antas: pagpapasaulo sa kanila ng

---

[1]**S**allalláhu **‘A**layhi wa **S**allam: Basbasan at batiin siya ni Allah. Sinasabi ito kapag binanggit ang pangalan o taguri ni Propeta Muhammad (SAS) o kapag tinutukoy siya.

mga súrah na ito. Ang pagpapasaulo ay sa pamamagitan ng ilang paraan na ang ilan ay ang sumusunod:

B. Bibigkasin ng nagtuturo ang mga talata ng Qur'an nang dahan-dahan kalakip ang wastong bigkas. Hihilingin sa mga nag-aaral na ulitin nila ang mga ito kasabay niya hangang sa maisaulo nila. Pagkatapos ay ipaliliwanag sa kanila ang kahulugan ng mga talata, sa paraang malinaw ayon sa nauunawaan ng nag-aaral.

Pagkatapos niyon ay hahango siya ng ilang mga alituntunin ng Islam mula sa mga talata na kanyang binigkas. Ang halimbawa niyon ay ang mula sa Súrah al-Fátihah. Ipaliliwanag niya sa kanila na ang pagbigkas ng al-Fátihah ay isa sa mga saligan ng saláh sapagkat ang sabi ng Sugo[2] (SAS): ***"Walang saláh ang sinumang hindi bumigkas ng al-Fátihah."***

Sasabihin niya rin sa kanila na ang isa sa mga patakarang napagkasunduan ng mga sinaunang Muslim at ng mga Pantas ay ang maniwala sa mga pangalan at mga katangian ni Allah, na sila ay kumikilala sa mga pangalan at mga katangian na kinilala ni Allah na taglay ng Kanyang sarili o kinilala ng Kanyang Sugo (SAS) na taglay Niya at ikinakaila nila ang mga pangalan at mga katangian na ikinaila ni Allah na taglay ng Kanyang sarili o ikinaila ng Kanyang Sugo (SAS) na taglay Niya. Kinikilala nila ang mga ito nang walang Tahríf (pagpapalit ng kahulugan), walang Tashbíh (pagwawangis), walang Tamthíl (pagtutulad), at walang Takyíf (paglalarawan). Ipababatid niya sa kanila na ang Pagsamba ay katagang

[2] Kapag sinabi nating ang sabi ni Allah o ang sabi ng Sugo ni Allah, ang tinutukoy natin ay ang salin sa Tagalog ng sinabi nila, ayon sa kakayahan ng tagapagsalin.

sumasaklaw sa bawat kinalulugdan at naiibigan ni Allah na mga salita at mga gawang nakikita at di-nakikita.

Ilan sa mga alituntuning mahahango sa Súrah al-Fátiẖah na dapat linawin ng nagtuturo ay ang sumusunod:

A. Na ang Pagsamba, kapag nahaluan ng Shirk, ay nasisira at nawawalan ng kabuluhan. Lilinawin niya rin sa kanila na nararapat na isaisip ng isang Muslim ang Araw ng Pagganti.

B. Na ang hindi paglimot sa Araw ng Pagganti ay nakatutulong sa tao sa pagsasagawa ng mga kautusan ni Allah at sa pag-iwas sa mga ipinagbabawal.

Gayon din ang gagawin niya sa mga ibang Súrah: ipabibigkas, iwawasto ang pagbigkas, ipasasaulo, at ipaliliwanag.

# IKALAWANG ARALIN

Ang pagsaksi na *Walang Diyos Kundi si Allah at na si Muhammad ay Sugo ni Allah* ay ipaliliwanag ang mga kahulugan kalakip ng paglilinaw ng mga kondisyon at kahulugan ng pararilang *Walang Diyos kundi si Allah.* Ang kahulugan ng pararilang *Walang Diyos* ay ang pagtanggi sa [pagkadiyos ng] anumang sinasamba bukod pa kay Allah. Ang pariralang *kundi si Allah* ay ang pagkilala na ang pagsamba ay ukol kay Allah lamang na walang katambal.

---

Binanggit ng may-akda, kaawaan siya ni Allah, sa araling ito ang Pagsaksi na *Walang Diyos kundi si Allah at na si Muhammad ay Sugo ni Allah.* Maaari nating talakayin ang kahulugan nito sa ganitong paraan:

## 1. Ang Kahalagahan ng Pagsaksi na Ito

Ang Pagsaksi na ito ay ang una sa mga haligi ng Islam. Isinalaysay ni Ibnu ‘Umar (RA)[3] mula sa Propeta (SAS) na siya ay nagsabi: ***“Ibinatay ang Islam sa lima: ang Pagsaksi na Walang Diyos kundi si Allah at na si Muhammad ay Sugo ni Allah, ang pagpapanatili sa s̲aláh, ang pagbibigay ng zakáh, ang pag-aayuno sa Ramad̲án, at ang pagsasagawa ng h̲ájj sa Banal na Bahay ni Allah para sa sinumang makakayang makarating doon.”*** Ang Pahayag ng Tawh̲íd (Pananampalataya sa kaisahan ni Allah) ay saligan ng Relihiyong Islam at ang matatag na muog nito. Ito ang unang tungkulin ng tao. Ang pagtanggap [ni Allah] sa lahat ng mabuting gawa ay nakasalalay sa pagbigkas nito at pagsasagawa ng mga hinihiling nito.

## 2. Ang Kahulugan Nito

Ito ay nangangahulugang *walang karapat-dapat sambahin kundi si Allah*. Hindi ipinahihintulot na sabihing ang kahulugan nito ay *walang tagapaglikha kundi si Allah*, o *walang tagapagtustos* o *umiiral kundi si Allah*. Batay ito sa mga sumusunod na dahilan:

Ang mga di-mananampalatayang Quraysh ay hindi nagkakaila noon na walang Tagapaglikha kundi si Allah, gayunpaman hindi iyon nakapagdulot ng mabuti sa kanila bagaman nalalaman nila ang kahulugan nito. Dahil doon, minasama nila ang Sugo (SAS) nang magsabi sa kanila: ***“Sabihin ninyo, walang Diyos kundi si Allah.”***

---

[3] ***Rad̲iyalláhu ‘Anhu*** para sa lalaki, ***Rad̲iyalláhu ‘Anhá*** para sa babae, ***Rad̲iyalláhu ‘Anhum*** para sa marami; ang ibig sabihin nito ay: Kalugdan siya (o sila) ni Allah. Ito ay panalanging binabanggit sa tuwing nababanggit ang pangalan o taguri ng Kasama o asawa ni Propeta Muhammad (SAS).

Tayo ay nagtataka sa panahong ngayon sa mga nagsasabi ng *Lá Iláha Illalláh* ngunit hindi nila nalalaman ang kahulugan nito. Nanalangin sila bukod pa kay Allah sa iba pa sa Kanya gaya ng mga walí (taong itinuturing na banal) at mga patay sa mga libingan. SinasAbi pa nila, "Kami ay mga sumasampalataya sa kaisahan ni Allah."

## 3. Ang mga saligan nito

Ang *Shahádah* (Pagsaksi) ay may dalawang saligan:

A. Ang pagkakaila sa pagsabi ng *Lá Iláha* (Walang Diyos),

B. Ang pagkilala sa pagsabi ng *Illalláh* (Kundi si Allah).

Samakatuwid, ang pagsasabi ng *Lá Iláha* (Walang Diyos) ay ang pagkakaila sa [pagkadiyos ng] lahat maliban kay Allah at ang pagsasabi naman ng *Illalláh* (Kundi si Allah) ay pagkilala sa pagkadiyos ni Allah lamang na walang katambal.

## 4. Ang Kabutihan ng *Lá Iláha Illalláh*.

Ito ay may malaking kabutihang naidudulot at may mataas na kahalagahan kay Allah. Ang sinumang tapat na nagsabi nito ay papasukin siya ni Allah sa Paraiso. Ang sinumang pasinungaling na nagsabi nito ay mananagot sa pamahalaang Muslim sa mundo at sa Kabilang-buhay naman ay mananagot siya kay Allah. Ang taong ito ay lalapatan ng hatol na ukol sa mga nagpapanggap na Muslim. Ang *Lá Iláha Illalláh* ay maikling bigkasain, kaunti ang mga titik at magaan sa dila, ngunit mabigat sa timbangan ng gantimpala.

Ang dakilang pangungusap na ito ay may dulot na maraming biyaya na ang ilan sa mga ito ay binanggit ni al-H̲áfid̲h̲ ibnu Rajab sa akda niyang pinamagatang: *Kalimatul*

*Ikhlá<u>s</u>*. Binanggit niya ang patunay sa bawat biyayaang dulot nito. Ang sumusunod ay ilan sa mga ito:

- Na ito (*Lá Iláha Illalláh*) ay susi ng pagpasok sa Paraiso;
- Na ang sinumang ang kahuli-hulihang salita ay *Lá Iláha Illalláh* ay papasok sa Paraiso;
- Na ito ay susi sa kaligtasan mula sa Impiyerno;
- Na ito ay susi ng kapatawaran ng mga kasalanan;
- Na ito ay pinakamagaling sa mga gawang mabuti;
- Na ito ay pumapawi sa mga kasalanan;
- Na ito ay pumupunit sa mga hadlang papunta kay Allah;
- Na ito ay pahayag na pinatotohanan ni Allah ang nagsasabi nito;
- Na ito ang pinakamainam na sinabi ng mga Propeta;
- Na ito ang pinakamainam na pangungusap sa pag-alaala kay Allah;
- Na ang pagbanggit nito ay ang pinakamainam na gawa, ang pinakamaraming ulit ang laang gantimpala at katumbas ng gantimpala ng pagpapalaya ng isang alipin, at ito ay pananggalang sa Demonyo;
- Na ito ay katiwasayan sa kapanglawang nadarama ng patay sa libingan at sa hilakbot na madarama sa Araw ng Pagbubuhay;
- Na ito ang salawikain ng mga mananampalataya kapag bumangon na sila sa kanilang mga libingan.

Nabanggit din na kabilang sa mga biyayang dulot nito ay na bubuksan para sa sumasampalataya rito ang walong pinto ng Paraiso upang pumasok siya sa alinmang naisin niya sa mga ito; at na ang mga sumasampalataya rito, kahit pa man pumasok sila sa Impiyerno dahil na rin sa pagpapabaya nila sa mga karapatan nito (*Lá Iláha Illalláh*) ay makalalabas din sila roon.

## 5. Ang Pagsaksi na si Muhammad (SAS) ay Sugo ni Allah

Ito ay humihiling ng pagsampalataya sa kanya, paniniwala sa kanya sa anumang ipinagbigay-alam niya, pagtalima sa anumang ipinag-utos niya, pagtigil sa anumang ipinagbawal at sinaway niya, na igagalang ang kanyang utos at ang kanyang pagbabawal, at na hindi pangingibawin sa salita niya ang salita ninuman—maging sino pa man ito.

## 6. Ang Susi ng Pagpasok sa Paraiso

Dapat malamang ang sinumang sumaksi na: *Walang Diyos kundi si Allah lamang na walang katambal; na si Muhammad ay Kanyang Lingkod at Kanyang Sugo; at na si Jesus ay lingkod ni Allah, Kanyang Sugo, Kanyang salita na ibinigay kay Maria, at isang espiritu mula sa Kanya; na ang Paraiso at totoo, na ang Impiyerno ay totoo* ay papapasukin ni Allah sa Paraiso alinsunod sa nagawang kabutihan. Isinalaysay iyon ni ‘Ubádah ibnu as-Sámit (RA) mula sa Propeta (SAS).

## Ang mga kondisyon ng adhikaing *Walang Diyos kundi si Allah* ay ang mga sumusunod:

1. Ang kaalaman na sumasalungat sa kamangmangan;
2. Ang katiyakan na sumasalungat sa pag-aalinlangan;
3. Ang kawagasan sa pagsamba na sumasalungat sa Shirk;
4. Ang katapatan na sumasalungat sa kasinungalingan;
5. Ang pag-ibig na sumasalungat sa pagkasuklam;
6. Ang pagpapaakay na sumasalungat sa pagpapabaya;
7. Ang pagtanggap na sumasalungat sa pagtanggi;
8. Ang pagtangging sumampalataya sa anumang sinasamba na iba pa kay Allah.

Nabanggit ng mga pantas ng Islam na ang adhikain ng kawagasan ng pagsamba kay Allah (*Walang Diyos kundi si Allah*) ay may pitong kondisyon; itinuturing naman ng iba sa kanila na ito ay may walong kondisyon, gaya ng ginawa ng may-akda, kaawaan siya ni Allah.

## 1. Ang Kaalaman

Kapag nalaman ng isang tao na si Allah ay ang dapat sambahin lamang at na ang pagsamba sa iba sa Kanya ay walang kabuluhan at isinagawa niya ang hinihiling niyon, siya ay nakaaalam talaga sa kahulugan nito. Nagsabi si Allah (47:19): **“Kaya dapat mong malaman na walang Diyos kundi si Allah.”** Nagsabi pa Siya (43:86): **“maliban sa mga sumaksi sa katotohanan samantalang sila ay nakaaalam.”** Nagsabi naman ang Sugo ni Allah (SAS): ***“Ang sinumang mamatay at siya ay nakaaalam na Walang Diyos Kundi si Allah, papasok siya sa Paraiso.”***

## 2. Ang Katiyakan

Tungkulin ng sinumang sumaksi rito na magkaroon siya ng katiyakan sa kanyang puso at maniwala sa katumpakan ng sinasabi niyang pagiging napakakarapat-dapat ng pagkadiyos ni Allah at sa kawalang kabuluhan ng pagkadiyos ng iba pa sa Kanya. Nagsabi si Allah (2:4): **“Na sumasampalataya sa ibinaba sa iyo at sa anumang ibinaba noong wala ka pa at sa Kabilang-buhay sila ay nakatitiyak.”** At isinalaysay rin ni Abú Hurayrah (RA) na ang Propeta (SAS) ay nagsabi: **“Ang sinumang makatagpo mo sa likod ng pader na ito, na sumaksi na Walang Diyos Kundi si Allah, na nakatitiyak nito sa kanyang puso, ay ibalita mo sa kanya ang [pagpasok sa] Paraiso.”**

## 3. Ang Pagtanggap

Ibig sabihin ay tatanggapin sa puso at sa salita ang lahat ng hinihiling ng *Lá Iláha Illalláh*. Nagsabi si Allah (2:136): **"Sabihin ninyo, 'Sumasampalataya kami kay Allah at sa ibinaba sa amin"**

## 4. Ang Pagpapaakay

Ito ay sa pamamagitan ng pagpapaakay sa dakilang sawikaing ito sapagkat ito ay pagsuko at pagpapasakop. Nagsabi si Allah (4:125): **"At sino pa ang higit na magaling sa pananampalataya kaysa sa kanya na nagsuko ng kanyang sarili kay Allah, habang siya ay gumagawa ng magaling…"** Nagsabi pa Siya (31:22): **"At ang sinumang magsuko ng kanyang sarili kay Allah habang siya ay gumagawa ng magaling, tunay na kanya nang napanghawakan ang matibay na hawakan.…"**

## 5. Ang Katapatan

Ito ay sa pamamagitan ng pagiging matapat kay Allah sa pagsampalataya sa Kanya, matapat sa pinaniniwalaan, matapat sa mga salita, at matapat sa gawa. Nagsabi si Allah (9:119): **"O mga sumampalataya, mangilag kayong magkasala kay Allah at maging kasama kayo ng mga matapat."**

## 6. Ang Kawagasan sa Pagsamba

Ito ay sa paraang mamumutawi mula sa kanya ang lahat ng mga sinasabi at mga ginagawa na wagas na inuukol kay Allah at sa hangaring matamo ang Kanyang kasiyahan, nang walang anumang bahid ng iba pang hangarin. Nagsabi si Allah (98:5): "**At walang iniutos sa kanila kundi sambahin nila si Allah, habang wagas na inuukol sa Kanya ang pagsamba…**"At nasasaad naman sa Hadíth ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang

Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Ang pinakamaligaya sa mga tao sa aking Pamamagitan ay ang nagsabi na Walang Diyos Kundi si Allah nang wagas mula sa puso niya."***

## 7. Ang Pag-ibig

Ito ay sa pamamagitan ng pag-ibig sa adhikaing ito at sa ipinahihiwatig at hinihiling nito. Kaya naman iibigin si Allah at ang Sugo Niya (SAS) at pangingibabawin ang pag-ibig sa kanilang dalawa kaysa lahat ng iniibig. Sinabi ni Allah: (2:165): **"May mga taong gumagawa ng iba pa kay Allah bilang mga kaagaw. Iniibig nila ang mga ito gaya ng pag-ibig kay Allah, ngunit ang mga sumampalataya ay higit na masidhi sa pag-ibig kay Allah."**

## 8. Ang Pagtangging Sumampalataya sa Anumang Sinasamba na Iba pa kay Allah

Batay ito sa naiulat mula sa Propeta (SAS) na siya ay nagsabi: ***"Ang sinumang nagsabi na Walang Diyos kundi si Allah at tumangging sumampalataya sa anumang sinasamba na iba pa kay Allah, hindi malalabag ang kanyang ari-arian at ang kanyang buhay at ang pagtutuos sa kanya ay nasa kay Allah na."***

# IKATLONG ARALIN

Ang anim na haligi ng Pananampalataya ay ipaliliwanag. At ito ay ang maniwala (1) kay Allah; (2) sa Kanyang mga Anghel; (3) sa Kanyang mga banal na kasulatan; (4) sa Kanyang mga Sugo; (5) sa Kabilang-buhay; (6) sa *qaḏá'* at *qadar* (pagtatadhana at pagtatakda) na ang mabuti rito at ang masama rito ay buhat sa kalooban ni Allah.

---

Ang patunay roon ay ang bantog na H̲adíth mula kay Anghel Gabriel (AS) nang tinanong nito ang Propeta (SAS) tungkol sa Imán. Nagsabi si Anghel Gabriel: ***"Ang Pananampalataya ay ang maniwala ka kay Allah, sa Kanyang mga anghel, sa Kanyang mga Aklat, sa Kanyang mga sugo, sa Kabilang-buhay, at sa pagtatadhana at pagtatakda, na ang mabuti rito at ang masama rito ay buhat sa kalooban ni Allah."***

## 1. Ang Paniniwala kay Allah

Ang paniniwala kay Allah ay naglalaman ng apat na sangkap:

### A. Ang Paniniwala sa Kairalan ni Allah

Pinatunayan ang kairalan Niya (*existence*) ng pananampalatayang likas (*fiṯrah*), isip (*'aql*), kapahayagan (*shar'*) at pakiramdam (*h̲iss*).

Tungkol sa pagpapatunay ng likas na pananampalataya ng tao (*fiṯrah*) sa kairalan ni Allah, tunay na ang bawat nilikha ay nilalang na may likas na paniniwala sa kanyang Tagapaglikha na hindi resulta ng naunang pag-iisip o pag-aaral gaya nga ng sinabi ng Sugo ni Allah (SAS): ***"Walang sanggol na hindi ipinanganganak sa likas na pananampalataya, ngunit ang***

***mga magulang niya ay gumagawa sa kanya na Hudyo o gumagawa sa kanya na Kristiyano o gumagawa sa kanya na Mago.***[4]***"***

Tungkol naman sa pagpapatunay ng isip sa kairalan ni Allah, ito ay sapagkat ang mga nilikha, ang nauna sa kanila at ang susunod sa kanila, ay kailangang may tagapaglikha na nagpalitaw sa kanila yayamang hindi mangyayaring mapalilitaw nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng kanilang mga sarili at hindi rin naman mangyayaring lumitaw sila nang di-sinasadya.

Tungkol naman sa pagpapatunay ng kapahayagan sa kairalan ni Allah, ito ay sapagkat ang lahat ng mga makalangit na kasulatan ay nagsasabi at nagpapahayag na may Diyos. **At ang pinakadakila at pinakamainam sa mga ito ay ang Banal na Qur'an. Gayon din ang lahat ng sugo na ang pinakatampok sa kanila, kahuli-hulihan sa kanila at nangunguna sa kanila ay si Muhammad (SAS), silang lahat ay nagturo at naglinaw na mayroong Diyos.**

Tungkol naman sa mga patunay batay sa pakiramdam sa kairalan ni Allah, ito ay may dalawang anggulo:

1. Tunay na tayo ay nakaririnig at nakasasaksi na ang mga nananalangin ay tinutugon at nasaklolohan ang mga nasalanta. Ito ay nagbibigay ng matibay na patunay sa kairalan ni Allah.

---

[4] Mago ang isa pang tawag sa isang Mazdaista na kaanib ng relihiyong Mazdaismo. Ang Mazdaismo ay isang anyo ng Zoroasterianismo, ang relihiyong itinatag ni Zoroaster o Zarathustra na Persiano. Ang relihiyong ito ay naniniwala sa dalawang diyos na magkatunggali: ang diyos ng kabutihan at ang diyos ng kasamaan. Napaka-laki ang pagpapahalagang idinudulot ng mga kaanib nito sa apoy anupat ang pag-papahalaga nila sa apoy ay nauwi na sa pagsamba nila sa apoy. Ang Tagapagsalin.

2. Ang mga himala ng mga propeta na tinatawag na *mu'jizah* na nasasaksihan noon o naririnig ng mga tao ay matibay na patotoo sa pagkakaroon ng **Tagapaglikha, Tagapangasiwa, at Tagapamahala ng Sansinukob at iyon ay si Allah.**

## B. Ang Paniniwala sa Pagkapanginoon ni Allah

Ibig sabihin ay Siya lamang ang Panginoon: wala Siyang katambal at walang tagatulong na iba sa Kanya. Ang Panginon ay ang Tagapaglikha, Hari (o Nagmamay-ari), at Nagtutustos. Samakatuwid walang Tagapaglikha kundi si Allah, walang Hari kundi Siya, at walang Tagapag-utos kundi Siya. Sinabi Niya (7:54): **"Tunay ngang Kanya ang paglikha at ang pag-uutos."** Nagsabi pa Siya (35:13): **"Iyon si Allah, ang inyong Panginoon; ukol sa Kanya ang paghahari, samantalang ang mga pinanalanginan ninyo bukod pa sa Kanya ay hindi nga nagmamay-ari ng isang qitmír.[5]"**

## C. Ang Paniniwala sa Kanyang Pagkadiyos

Ibig sabihin ay Siya lamang ang totoong Diyos, wala Siyang katambal. Ang katagang "diyos" (*iláh*) ay nangangahulugang ang "dinidiyos" (*ma'lúh*) na ang ibig sabihin ay "sinasamba" (*ma'búd*) dahil sa pag-ibig at paggalang. Sinabi ni Allah (2:163): **"Ang Diyos ninyo ay isang Diyos—walang *totoong* Diyos kundi Siya, ang Pinakanaaawa, ang Maawain."** at sinabi pa Niya (7:59): **"Tunay na Aming isinugo si Noe sa mga kalipi nito at nagsabi ito, "O mga kalipi ko, sambahin ninyo si Allah; wala na kayong Diyos bukod pa sa Kanya."**

---

5 Manipis na balat na bumabalot sa buto ng datiles: napakaliit na bagay.

### D. Ang Paniniwala sa mga Pangalan Niya at mga Katangian Niya

Ito ay ang pagkilala sa mga pangalan at mga katangiang kinilala ni Allah para sa sarili Niya [o ng Sugo Niya (SAS)], na nasaad sa Aklat Niya o sa Sunnah ng Sugo Niya (SAS), sa paraang naaangkop sa Kanya nang walang *tahríf* (pagpapalit ng kahulugan), walang *ta'tíl* (pag-aalis ng kahulugan), walang *takyíf* (paglalarawan) at walang *tamthíl* (pagtutulad). Nagsabi si Allah (42:11): **"Walang anumang katulad sa Kanya. Siya ay ang Nakaririnig, ang Nakakikita."**

### E. Ang mga Ibinubunga ng Paniniwala kay Allah

1. Ang pagsasakatuparan ng pananampalataya sa kaisahan ni Allah yamang hindi nahuhumaling ang puso sa iba pa sa Kanya sa pag-aasam ni sa pangamba at hindi sumasamba sa iba pa sa Kanya.
2. Ang kaganapan ng pag-ibig kay Allah at pagdakila sa Kanya ayon sa hinihiling ng Kanyang mga napakagandang pangalan at mga napakataas na katangian.
3. Ang pagsasakatuparan ng pagsamba sa Kanya sa pamamagitan ng pagtupad sa ipinag-utos Niya at pag-iwas sa ipinagbawal Niya.

## 2. Ang Paniniwala sa mga Anghel

### A. Ang Pagpapakahulugan sa Katagang Anghel

Ang mga anghel ay isang uri ng nilalang na di-nakikita, na mga nilikha mula sa liwanag, na mga mananamba kay Allah. Wala silang anumang mga katangian ng pagkapanginoon at pagkadiyos. Nilikha sila ni Allah mula sa liwanag at pinagkalooban Niya sila ng ganap na pagtalima sa Kanyang kautusan at ng lakas sa pagpapatupad nito. Sila ay marami, na walang makabibilang kundi si Allah lamang.

## B. Ang Apat na Sangkap ng Paniniwala sa mga Anghel:

1. Ang paniniwala sa kanilang kairalan.
2. Ang paniniwala sa pangalan ng sinumang nalaman natin ang pangalan sa kanila gaya ni Jibríl (Gabriel), at ang sinumang hindi natin nalaman ang pangalan ay paniniwalaan natin sa kabuuan.
3. Ang paniniwala sa kanilang mga katangiang nalaman natin.
4. Ang paniniwala sa mga gawain nilang nalaman nating isinasagawa nila ayon sa utos ni Allah, gaya ng Anghel ng Kamatayan na nakatalaga sa pagkuha ng mga kaluluwa sa sandali ng kamatayan.

# 3. Ang Paniniwala sa mga Aklat

## A. Ang Pagpapakahulugan sa Katagang Aklat

Ito ay ang mga aklat na ibinaba ni Allah sa mga sugo Niya bilang awa sa mga nilalang at patnubay sa kanila upang matamo nila sa pamamagitan nito ang ikaliligaya nila sa Lupa at sa Kabilang Buhay.

## B. Ang Apat na Sangkap ng Paniniwala sa mga Aklat:

1. Ang paniniwalang ang pinagmulan ng mga ito ay totoong buhat kay Allah.
2. Ang paniniwala sa pangalan ng nalaman natin ang pangalan sa mga ito gaya ng Qur’an na ibinaba kay Muhammad (SAS) at ng Tawrah na ibinaba kay Moises (AS).

3. Maniniwala at makikinig sa mga nasasaad sa mga aklat gaya ng nasasaad sa Qur'an at sa nasasaad sa mga hindi nabago o hindi napalitang ulat na nasa mga naunang banal na aklat.[6]
4. Ang pagsasagawa ng mga alituntuning nasasaad sa Qur'an hanggat hindi napawalang-bisa, at ang pagkalugod at pagsuko sa mga alituntunin nito, nauunawaan man natin ang kadahilanan nito o hindi natin nauunawaan. Ang lahat ng sinaunang mga aklat ay pinawalang-bisa na ng Banal na Qur'an. Nagsabi si Allah (5:48): **"Ibinaba Namin sa iyo ang Aklat taglay ang katotohanan, na nagpapatotoo sa nauna rito na aklat at nag-iingat doon."**

## C. Ang Ibinubunga ng Paniniwala sa mga Aklat

1. Ang kaalaman sa pagmamalasakit ni Allah sa Kanyang mga lingkod yayamang nagpadala Siya sa bawat kalipunan ng mga tao ng aklat na papatnubay sa kanila.
2. Ang kaalaman sa karunungan ni Allah at Batas Niya dahil gumawa Siya para sa bawat kalipunan ng batas na angkop sa mga kalagayan nila gaya ng sabi Niya (5:48): **"Para sa bawat kalipunan sa inyo ay nagtalaga Kami ng Patakaran at Pamamaraan."**
3. Ang pagpapasalamat sa biyaya ni Allah.
4. Ang paniniwala sa mga sugo. Ang sugo ay ang taong kinasihan [ni Allah] ng isang kapahayagan o inutusan [Niya] na iparating iyon. Ang una sa mga sugo ay si Noe at ang

---

6 Ang anumang nasaad sa Bibliya na umaayon sa Qur'an o sa Sunnah ay kikilalanin na bahagi ng orihinal na kapahayagan ni Allah ngunit hindi gagamiting batayan ng katuruan ng Islam dahil sapat na sa mga Muslim ang Qur'an at ang Sunnah. Ang mga nasaad naman sa Bibliya na hindi matatagpuan sa Qur'an at Sunnah ngunit hindi sumasalungat sa katuruan ng Islam ay hindi paniniwalaan at hindi pasisinungalingan.

kahuli-hulihan sa kanila ay si Muhammad, sumakanilang lahat ang basbas at ang pagbati ni Allah. Walang bansa noon na hindi nagkaroon ng isang sugo na ipinadala ni Allah sa mga kababayan niya kalakip ng sariling batas,[7] o ng isang propeta na kinasihan ni Allah na iparating ang batas ng mga sugo na nauna sa kanya upang muling buhayin ito. Nagsabi si Allah (16:36): **"Talaga ngang nagsugo Kami sa bawat kalipunan ng sugo *na nagsasabi*: "Sambahin ninyo si Allah at iwaksi ninyo ang Tághút.""** Nagsabi pa Siya (35:24): **"Walang kalipunan na hindi napuntahan ng tagapagbabala."** Ang mga sugo ay mortal na kabilang sa mga inapo ni Adan (AS), mga nilikhang hindi nagtataglay ng anuman sa mga katangian ng pagkadiyos at pagkapanginoon. Tinataglay nila ang mga katangian ng tao gaya ng pagkaawa, pagkamatay, pangangailangan sa pagkain at inumin, at iba pa.

# 4. Ang Paniniwala sa mga Sugo

## A. Ang mga Sangkap ng Paniniwala sa mga Sugo

1. Ang paniniwala na ang mensahe nila ay tunay na nagmula kay Allah. Ang sinumang tumangging maniwala sa mensahe ng isa sa kanila ay hindi na rin naniwala sa lahat. Sinabi ni Allah (26:105): **"Pinasinungalingan ng mga kalipi ni Noe ang mga Isinugo,"**
2. Ang paniniwala sa pangalan ng nalaman natin ang pangalan sa kanila gaya nina Muhammad, Abraham, Moises, Jesus at Noe (SAS). Ang limang ito ay ang mga may matatag na pagpapasya sa mga sugo. Tungkol naman sa hindi natin

---

[7] Batas na kauna-unahang ipinahayag sa isang Propeta gaya nina Moises (SAS) at Muhammad (SAS) ngunit hindi ibig sabihin na ginawa nila.

nalaman ang pangalan sa kanila, paniniwalaan din natin sila sa kabuuan. Nagsabi si Allah (40:78): **"Tunay na nagpadala na Kami ng mga sugo noong wala ka pa; ang ilan sa kanila ay Aming isinalaysay sa iyo at ang iba naman sa kanila ay hindi Namin isinalaysay sa iyo."**

3. Paniniwala sa mga ulat na napatotohanang buhat sa kanila.
4. Ang pagsasagawa sa batas ng isinugo sa atin, na isa sa kanila at siya rin ang kahuli-hulihan sa kanila: si Muhammad (SAS).

## B. Ang mga Ibinubunga ng Paniniwala sa mga Sugo

1. Ang kaalaman sa awa ni Allah at pagmamalasakit Niya sa mga lingkod Niya yamang nagsugo Siya ng mga sugo upang patnubayan sila sa Kanyang tuwid na landas at upang linawin sa kanila kung papaano nilang sasambahin si Allah.
2. Ang pagpapasalamat kay Allah sa malaking biyayang ito.
3. Ang pagmamahal sa mga sugo (AS), ang pagdakila sa kanila, at ang pagpupuri sa kanila sa paraang naaangkop para sa kanila sapagkat sila ay mga sugo ni Allah, at sapagkat nagsagawa sila ng pagsamba sa Kanya, ng pagpaparating ng Kanyang mensahe, at ng pagpapayo sa Kanyang mga lingkod.

# 5. Ang Paniniwala sa Huling Araw

Ang Huling Araw ay ang Araw ng Pagbubuhay. Sa araw na ito ay muling bubuhayin ni Allah ang mga tao upang tuusin at gantihan. Tinawag itong Huling Araw dahil wala nang ibang araw matapos ito.

## A. Ang Nilalaman ng Paniniwala sa Huling Araw

1. Ang paniniwala sa pagbubuhay. Ang pagbubuhay ay matibay na katotohanang tinukoy ng Qur'an, Sunnah at nagkakaisang hatol ng mga Muslim.
2. Ang paniniwala sa pagtutuuos at paggaganti. Tutuusin ang tao sa nagawa niya at gagantimpalaan siya rito. Tinukoy iyon ng Qur'an, Sunnah, at nagkakaisang hatol ng mga Muslim.
3. Ang paniniwala sa Paraiso at Impiyerno at na ang dalawang ito ang hantungang walang hanggan ng mga nilikha.

Napabibilang sa paniniwala sa Huling Araw o Kabilang-buhay ang mangyayari pagkatapos ng kamatayan gaya ng (A) Pagsubok sa libingan, at (B) Pasakit at Kaginhawahan sa libingan.

## B. Ang mga Magandang Ibinubunga ng Paniniwala sa Kabilang-buhay

1. Ang takot na makagawa ng pagsuway [kay Allah] at ang takot na malugod sa paggawa nito dahil sa pangamba sa parusa ni Allah sa araw na iyon.
2. Ang pagkaibig at ang pagsisigasig na gumawa ng pagtalima [kay Allah] dahil sa nakalaang gantimpala sa araw na iyon.
3. Ang pagpapalubag-loob sa mananampalataya sa hindi niya natamo dito sa lupa, na makakamtan naman niya ang ginhawa at gantimpala sa Araw na iyon.

## 6. Ang Paniniwala sa Qadar

Ang *qadar* ay ang pagtatakda ni Allah sa kapalaran ng mga nilikha ayon sa kaalaman Niya at hinihiling ng karunungan Niya.

## A. Ang mga Nilalaman ng Paniniwala sa Qadar

1. Ang paniniwala na si Allah ay nakaaalam sa bawat bagay sa kabuan at sa detalye, magmula noon at magpakailanman, may kinalaman man iyon sa Kanyang mga gawa o sa mga gawa ng Kanyang mga nilikha.
2. Ang paniniwala na isinulat Niya iyon sa al-Law<u>h</u> al-Ma<u>h</u>fú<u>dh</u> (Lapidang Iniingatan).
3. Ang paniniwala na ang lahat ng pangyayari ay hindi nangyayari kung hindi ayon sa kalooban ni Allah, maging iyon man ay may kaugnayan sa gawa Niya o may kaugnayan sa gawa ng mga nilikha Niya. Nagsabi Siya (28:68): **"Ang Panginoon mo ay lumilikha ng anumang niloloob Niya at pinipili Niya,"**
4. Ang paniniwala na ang lahat ng nilalang sampu ng kanilang kalikasan, kanilang mga katangian, at kanilang mga kilos ay mga nilikha ni Allah, gaya ng sinabi Niya (39:62): **"Si Allah ay Tagalikha ng bawat bagay, at Siya sa bawat bagay ay Katiwala."**

## B. Ilan sa Ibinubunga ng Paniniwala sa Qadr

1. Ang pag-asa kay Allah kapag ginagawa ang mga kaparaanan sa pagtamo ng ninanais, sapagkat hindi aasahan ang kaparaanan mismo sa pagtamo ng ninanais dahil ang bawat pangyayari ay nagaganap ayon sa pagtatakda ni Allah.
2. Na hinndi hahanga ang tao sa kanyang sarili kapag natamo niya ang kanyang ninanais sapagkat ang

pagtamo nito ay biyayang buhat kay Allah sa pamamagitan ng itinakda Niyang mga kadahilanan ng pagkamit ng biyaya at tagumpay. Ang paghanga niya sa kanyang sarili at nagpapalimot sa kanya upang pasalamatan ang biyayang ito.

3. Ang kapanatagan at ang katiwasayan ng isip sa mga itinakdang kapalaran na pinangyayari sa kanya ni Allah na siyang may taglay ng paghahari (o pagmamay-ari) sa mga langit at lupa. Ito ay tiyak na mangyayari, gaya ng sinabi ni Allah (57:22-23): **"Walang dumarating na sakuna sa lupa ni sa inyong mga sarili na hindi nasa aklat bago pa man Namin nilalang iyon. Tunay na iyon ay madali para kay Allah. *Iyan ay* upang hindi kayo manghinayang sa anumang nakalampas sa inyo at hindi kayo magsaya sa anumang ibinigay[8] sa inyo sapagkat si Allah ay hindi umiibig sa bawat mayabang na mapagmalaki,"**

## C. Dalawang Pangkat na Lumihis sa Usapin ng Qadr

1. Ang mga naniniwala sa Jabaríyah. Sila ay naniniwalang ang tao ay pinilit sa kanyang ginagawa at wala siyang kapasyahan at kakayahang pumili.
2. Ang mga naniniwala sa Qadaríyah. Sila ay naniniwala na ang tao ay malaya sa kanyang ginagawa: sa pagpapasya at sa kakayahang pumili, at ang kalooban at kakayahan ni Allah ay walang epekto. Ikinaila nila na si Allah ay

---

[8] Upang hindi kayo magsaya kung papaanong nagsasaya ang **bawat mayabang na mapagmalaki.**

nagtakda sa lahat ng bagay at gumawa niyon bago pa man lumitaw iyon. Ang paniniwalang ito ng dalawang pangkatin ay kabilang sa pinakamalaking kabulaanan.

# IKAAPAT NA ARALIN

Ang tatlong bahagi ng *Tawhíd*: ang *Tawhíd ar-Rubúbíyah* (Kaisahan sa Pagkapanginoon), ang *Tawhíd al-Ulúhíyah* (Kaisahan sa Pagkadiyos), at ang *Tawhíd al-Asmú' wa as-Sifát* (Kaisahan sa mga Pangalan at mga Katangian) ay tatalakayin.

---

## Ang Pagpapakahulagan sa Tawhíd

Ang Tawhíd ay ang pagbubukod-tangi kay Allah sa anumang nauukol sa Kanya gaya ng pagkapanginoon, pagkadiyos (pagsamba) at mga pangalan at mga katangian. Ito ay may tatlong uri:

## 1. Tawhíd ar-Rubúbíyah

**O Kaisahan sa Pagkapanginoon.** Ito ay ang kaalaman at ang paniniwala na si Allah ang namumukod-tangi sa paglikha, pagtutustos, at pamamahala. Ang uring ito ng Tawhíd ay kinilala ng mga Mushrik, ngunit hindi iyon nakapagpasok sa kanila sa Islam. Ang patunay ay ang sinabi ni Allah (43:87): **"At talaga namang kung tatanungin mo sila kung sino ang lumikha sa kanila ay tiyak na sasabihin nilang si Allah."**

## 2. Tawhíd al-Ulúhíyah

O Kaisahan sa Pagkadiyos. Ito ay ang wagas na pag-uukol kay Allah lamang na walang katambal ng lahat ng uri ng mga pagsamba gaya ng pag-ibig, pangamba, pag-aasam, pananalig,

panalangin, at iba pang mga uri ng mga pagsamba. Ang uring ito ng Tawhíd ang ikinaila ng mga Mushrik.

## 3. Tawhíd al-Asmá’ wa as-Sifát

O Kaisahan sa mga Pangalan at mga Katangian. Ito ay ang ilalarawan si Allah sa pamamagitan ng [mga pangalan at mga katangian na] ipinanlarawan Niya sa Kanyang sarili na nasa Kanyang Aklat o ipinanlarawan [sa Kanya] ng Kanyang Sugo (SAS) sa paraang naaangkop sa Kanyang kadakilaan at Kanyang kaluwalhatian. Ang uring ito ng Tawhíd ay kinilala ng ilan sa mga Mushrik at ikinaila naman ng iba sa kanila dala ng kamang-mangan o pagmamatigas.

## Ang Tatlong Bahagi ng Shirk[9]

Ang mga bahagi ng Shirk ay tatlo: ang *Shirk Akbar* (Malaking Shirk), ang *Shirk Asghar* (Maliit na Shirk), at ang *Shirk Khafí* (Nakakubling Shirk).

## 1. Ang *Shirk Akbar*

Ito ang nagiging dahilan ng pagkawala ng saysay ng mabuting gawa at pananatili magpakailanman sa Impiyerno gaya ng sinabi ni Allah (6:88): **“Ngunit kung nagtambal sila kay Allah, talagang nawalan na sana ng kabuluhan para sa kanila ang anumang ginagawa nila noon.”** at ng sinabi pa Niya (9:17): **“Hindi nararapat sa mga Mushrik na**

---

[9] Ang Shirk ay ang kabaliktaran ng Tawhíd sapagkat kung ang Tawhíd ay ang **pagbubukod-tangi kay Allah** sa anumang nauukol lamang sa Kanya: ang pagkapanginoon, ang pagkadiyos at ang mga pangalan at ang mga katangiang laan lamang sa Kanya, ang Shirk naman ay ang **pagtatambal kay Allah o pagbibigay ng kahati sa Kanya** sa anumang nauukol lamang sa Kanya. Ito ang pinakamalaking kasalanan. Ang tawag sa gumagawa ng Shirk ay Mushrik. Ang Tagapagsalin.

**mangalaga ng mga masjid ni Allah habang mga saksi laban sa sarili nila sa kawalan ng pananampalataya nila. Ang mga iyon ang nawalan na ng saysay ang kanilang mga gawa, at sa Impiyerno sila ay mamamalgi."**

Tunay na ang sinumang mamatay sa Shirk ay hindi siya patatawarin at ang Paraiso ay ipagkakait sa kanya gaya ng sinabi ni Allah (4:48): **"Tunay na si Allah ay hindi magpapatawad na tambalan Siya ngunit magpapatawad Siya sa anumang iba pa roon sa kaninumang loobin Niya."** at ng sinabi pa Niya (5:72): **"Tunay na ang sinumang nagtambal kay Allah ay ipinagkait na ni Allah sa kanya ang Paraiso at ang magiging tuluyan niya ay ang Impiyerno. At mawawalan ang mga lumalabag sa katarungan ng mga tagatulong...."**

Ang mga uri ng Shirk ay ang pananalangin sa mga patay o sa mga imahen, ang pagpapasaklolo sa kanila, ang pamamanata sa kanila, ang pag-aalay sa kanila at iba pang tulad ng mga ito.

## 2. Ang *Shirk Asghar*

Ito ay ang anumang napatotohanan ng mga talata mula sa Qur'an at Hadíth na tinawag na Shirk ngunit hindi kabilang sa uri ng *Shirk Akbar* gaya ng pagpapakitang-tao sa ilang mga gawain, panunumpa sa iba pa kay Allah, pagsabi ng "Niloob mangyari ni Allah **at** niloob mangyari ni Polano," at iba pa dahil nagsabi si Propeta Muhammad (SAS): ***"Ang aking higit na pinangangambahan para sa inyo ay ang Shirk Asghar."*** Nang siya ay tanungin kung ano ito ay nagsabi siya: ***"Ang pagpapakitang-tao."*** (Ang Hadíth na ito ay isinalaysay ni Mahmúd Ibnu Labíd al-Ansárí.) Nagsabi pa Siya: ***"Ang sinumang manumpa sa anumang bagay bukod pa kay Allah ay nakagawa na ng Shirk."*** Sinabi pa ng Propeta (SAS): ***"Ang***

***sinumang manumpa sa iba pa kay Allah, nawalan na siya ng pananampalataya o nakagawa na siya ng Shirk."*** Nagsabi pa siya: ***"Huwag ninyong sabihing, 'Niloob mangyari ni Allah*** **at** ***niloob mangyari ni Polano; bagkus sabihin ninyong, 'Kung niloob mangyari ni Allah*** **at pagkatapos ay** ***niloob mangyari ni Polano.' "***

Ang uring ito ng Shirk ay hindi nagiging dahilan ng pagkatalikod sa Islam o pananatili magpakailanman sa Impiyerno, ngunit ito ay sumasalungat sa kaganapan ng pananampalataya sa Tawhíd.

## 3. Ang *Shirk Khafí*

O ang Nakakubling Shirk. Ang patunay nito ay ang sinabi ng Propeta (SAS): ***"Nais ba ninyong ipabatid ko sa inyo ang higit na nakatatakot para sa inyo sa ganang akin kaysa sa Bulaang Kristo?"*** Nagsabi sila: "Opo, Sugo ni Allah." Nagsabi siya: ***"Ang Nakakubling Shirk…nakatindig ang isang lalaki, nagdarasal siya, pinagaganda niya ang pagdarasal niya dahil sa nakikita niyang tumitingin ang isang lalaki sa kanya."*** (Ito ay isinalaysay ni Abú Sa'íd al-Khudrí.)

Maaari hatiin ang Shirk sa dalawang uri lamang: ang Malaking Shirk at ang Maliit na Shirk. Tungkol naman sa Nakakubling Shirk, kapwa saklaw nito ang Malaki at Maliit na Shirk. Ang Nakakubling Shirk ay maaaring maging Malaking Shirk gaya ng Shirk ng mga Munáfiq (nagpapanggap na Muslim) sapagkat ikinukubli nila ang kanilang mga walang kabuluhang pinaniniwalaan at nagpapanggap na nananampalataya sa Islam bilang pagpapakitang-tao at takot para sa kaligtasan ng kanilang mga sarili, at maaari ring mapabilang sa Maliit na Shirk gaya ng pagpapakitang-tao tulad na nasasaad sa mga nabanggit na Hadíth na isinalaysay nina Mahmúd Ibnu Labíd al-Ansárí at Abú Sa'íd al-Khudrí.

# IKALIMANG ARALIN

Ang mga haligi ng Islam ay lima:

1. Ang pagsaksi na Walang Diyos kundi si Allah at na si Muhammad ay Sugo ni Allah,
2. Ang pagpapanatili sa saláh,
3. Ang pagbibigay ng zakáh,
4. Ang pag-aayuno sa Ramadán, at
5. Ang pagsasagawa ng hájj sa Banal na Bahay ni Allah para sa sinumang makakaya na makarating doon.

---

Nang natapos ang may-akda sa pagtatalakay ng mga bahagi ng Tawhíd at mga bahagi ng Shirk, sinimulan naman niyang talakayin sa haligi ng Islam. Napatotohanan sa Hadíth na isinalaysay ni ‘Abdullah ibnu ‘Umar ibni al-Khat táb (RA): ***“Ibinatay ang Islam sa lima: ang Pagsaksi na Walang Diyos kundi si Allah at na si Muhammad ay Sugo ni Allah, ang pagpapanatili sa saláh, ang pagbibigay ng zakáh, ang pag-aayuno sa Ramadán, at ang pagsasagawa ng hájj sa Banal na Bahay ni Allah para sa sinumang makakayang makarating doon.”*** Sa isang sanaysay naman: ***“Isinalig ang Islam sa lima:”*** Ibig sabihin: *limang haligi*.

Itinulad ang Islam sa gusali na hindi magiging matatag kung hindi nakabatay sa limang haligi—walang gusaling tatayo nang walang mga haligi. Ang iba pang mga katangian ng Islam ay gaya ng mga aksesorya ng gusali.

Ang sabi ng may-akda na “Walang Diyos kundi si Allah at na si Muhammad ay Sugo ni Allah” ay tumutukoy sa pananampalataya kay Allah at sa Kanyang Sugo. Sa isang Hadíth sa Sahíh Muslim ay ganito ang nabanggit: ***“ibinatay sa lima: sasampalataya ka sa kaisahan ni Allah”*** Sa isang pang

sanaysay ay ganito naman: ***"na sasampalataya ka sa kaisahan ni Allah at tatanggi kang sumampalataya sa iba pa sa Kanya."***

Ang sabi niyang "ang pagpapanatili ng saláh" ay ganito ang nabanggit sa Sahíh Muslim ayon kay Jábir (RA): ***"Ang nasa pagitan ng isang tao at ng kawalang pananampalataya at Shirk ay ang di-pagsasagawa ng saláh."*** Sa Hadíth na isinalaysay ni Mu'ádh (RA), ang Propeta (SAS) ay nasabi: ***"Ang ulo ay Islam, at ang haligi nito ay ang saláh"*** Nagsabi si 'Abdulláh ibnu Shaqíq: "Ang mga Kasama ng Sugo ni Allah (SAS) noon ay hindi nagtuturing na ang di-pagsasagawa ng isa sa mga gawain ay kawalang pananampalataya, maliban pa sa saláh."

Ang sabi niyang "ang pagbibigay ng zakáh" ay ang ikatlong haligi sa mga haligi ng Islam. Nagsabi si Allah (2:43): **"Panatiliin ninyo ang pagdarasal, magbigay kayo ng zakáh,"** at Nagsabi pa Siya (98:5): **"Walang ipinag-utos sa kanila kundi sambahin nila si Allah, na wagas na inuukol sa Kanya ang pagsamba bilang mga makakatotohanan, panatilihin nila ang pagdarasal at ibigay nila ang zakáh. Iyan ay ang Relihiyon na matuwid."**

Ang sabi niyang "ang pag-aayuno sa Ramadán" ay ang ikaapat na haligi sa mga haligi ng Islam. Nagsabi si Allah (2:183): **"O mga sumampalataya, isinatungkulin sa inyo ang pag-aayuno tulad ng pagsasatungkulin nito sa mga nauna sa inyo, nang harinawa kayo ay mangingilag magkasala."**

Ang sabi niyang "ang pagsasagawa ng hájj" ay ang ikalimang haligi sa mga haligi ng Islam. Nagsabi si Allah (3:97): **"Kay Allah ay may tungkulin ang mga tao na magsagawa ng hájj sa Bahay: ang sinumang makakayang makarating doon. Ang sinumang tumangging**

**sumasampalataya ay tunay na si Allah ay Di-nangangailangan sa mga Nilalalang.”**

Ang Hadíth tungkol dito ay isang dakilang batayan ng kaalaman tungkol sa Islam.

# IKAANIM NA ARALIN

Ang mga kondisyon sa pagsasagawa ng saláh ay siyam:

1. Ang pagiging kaanib ng Islam,
2. Ang sapat na pag-iisip,
3. Ang tamang gulang,
4. Ang pagsasagawa ng wudú’ o ghusl,
5. Ang kawalan ng *najásah*,
6. Ang pagtatakip sa ‘*awrah*,
7. Ang pagsapit ng takdang oras,
8. Ang pagharap sa *qiblah*, at
9. Ang *níyah* (hangarin).

---

Matapos banggitin ng may-akda ang limang haligi ng Islam sa Ikalimang Aralin, angkop nang banggitin dito ang mga kondisyon ng saláh sapagkat ang saláh ay ang pinakabinibigyang-diin sa mga haligi ng Islam matapos ang Pagsasaksi (Shahádah). Hindi matatanggap ang saláh kung hindi ayon sa mga kondisyon kaya naman naaangkop ang pagbanggit sa mga ito rito.

**1, 2, at 3. Ang unang tatlong kondisyon ay ang pagiging kaanib ng Islam, ang sapat na pag-iisip, at ang tamang gulang;** kaya hindi matatanggap ang saláh ng di-Muslim dahil sa kawalang-kabuluhan ng mabuting gawa niya, ng baliw dahil

sa kawalan niya ng tungkuling isagawa ito, at ng paslit (wala pang 7 taong gulang) batay sa mauunaawaan sa Hadíth na ito: ***"Atasan ninyo ang inyong mga anak na magsagawa ng saláh kapag pitong taon na…"***

**4. Ang pagsasagawa ng wudú' o ghusl kung makakaya** sapagkat ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Hindi tatanggapin ang isang saláh na walang tuhúr*** *(wudú' o ghusl)**."***

**5. Ang kawalan ng najásah (karumihan) sa katawan, damit at pagsasagawaan ng saláh** sapagkat ang sabi ni Allah (74:4): **"At ang iyong kasuutan ay linisin mo."** at sapagkat ang sabi ng Propeta (SAS) kay Asmá' (na anak ni Abú Bakr) tungkol sa damit na nabahiran ng dugo ng regla: ***"Kukuskusin niya ito, pagkatapos ay kukusutin sa tubig, pagkatapos ay wiwisikan ng tubig, at pagkatapos ay magdadasal siya na suot iyon."***

**6. Ang pagtatakip sa 'awrah, kung makakaya,** ng kasuutang hindi naaaninag ang balat sapagkat ang sabi ni Allah (7:30): **"O mga anak ni Adan, isuot ninyo ang gayak ninyo sa bawat masjid."** at sinabi naman ng Propeta (SAS): ***"Hindi tatanggapin ni Allah ang saláh ng babaeng nagkaregla na kung walang suot na belo."*** Sa Hadíth na isinalaysay ni Salamah Ibnu al-Akwa' (RA) ay nagsabi ito: "Nagsabi ako, 'O Sugo ni Allah, ako po ay nangangaso at nagdadasal po ako sa isang kapirasong damit.' " Nagsabi siya: ***"Oo, at sipitin mo ito ng kahit isang tinik."*** Isinalaysay naman ni Ibnu 'Abdulbárr ang nagkakaisang hatol sa Islam hinggil sa katiwalian ng saláh ng nagdasal na nakahubad (di-natatakpan ang 'awrah) samantalang siya ay may kakayahan namang magtakip.

**7. Ang pagsapit ng takdang oras.** Nagsabi si Allah (17:78): **"Panatiliin mo ang pagdarasal mula sa paglilis ng araw sa**

**rurok hanggang sa pagdilim ng gabi"** Ayon kay 'Umar (RA): "Ang pagdarasal ay may takdang oras na isinakondisyon ni Allah. Hindi magiging tumpak ito kundi ayon sa oras na iyon." Ito ay Hadíth mula kay Anghel Gabriel nang pinamunuan niya ang Propeta (SAS) sa limang saláh at pagkatapos ay nagsabi siya: "Ang nasa pagitan ng dalawang ito (simula at huling bahagi ng oras ng saláh) ay oras [ng saláh na iyon]."

**8. Ang pagharap sa *qiblah*** dahil ang sabi ni Allah (2:144): **"Kaya ibaling mo ang iyong mukha sa dakong Banal na Masjid,"**

**9. Ang pagkakaroon ng *níyah* (hangarin)** dahil ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Ang mga gawa ay batay lamang sa mga hangarin"***

# IKAPITONG ARALIN

Ang mga haligi ng saláh ay labing-apat:

1. Ang pagtayo kung makakaya,
2. Ang takbíratul ihrám (unang pagsabi ng **Alláhu akbar**),
3. Ang pagbigkas ng *Súrah al-Fátihah*,
4. Ang pagyukod (*rukú'*),
5. Ang pagtayo nang tuwid pagkatapos ng *rukú'*,
6. Ang pagpapatirapa (*sujúd*) sa pitong bahagi ng katawan,
7. Ang pagbangon ng likod matapos magpatirapa,
8. Ang pag-upo sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa,
9. Ang kapanatagan sa lahat ng kilos,

10. Ang pagkakasunod-sunod ng pagsasagawa ng mga haligi,
11. Ang pagbigkas ng huling tashahhud (Tahíyát at),
12. Ang pag-upo para sa huling tashahhud,
13. Ang pananalangin para kay Propeta Muhammad (SAS),
14. Ang pagsasagawa ng dalawang taslím.

---

Matapos talakayin ng may-akda, kaawaan siya ni Allah, ang tungkol sa mga kondisyon ng saláh sa nakaraang aralin, yamang ang mga kondisyon ng saláh ay nauuna sa saláh, naaangkop nang banggitin dito ang mga haligi nito dahil ang mga ito ay umaalinsabay sa saláh mismo.

**1. Ang pagtayo kung makakaya** dahil sinabi ni Allah (2:238): **"Pangalagaan ninyo ang mga dasal lalo na ang kalagitnaang dasal. Magsitayo kayo sa harap ni Allah na mga masunurin."** at sinabi ng Sugo (SAS): ***"Magdasal ka na nakatayo."*** Napagkaisahan din ng mga pantas ng Islam ito.

**2. Ang takbíratul ihrám (unang pagsabi ng Alláhu akbar)** dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Ang susi ng saláh ay ang paglilinis, ang ipinampapasok dito ay ang takbír, at ang ipinanlalabas dito ay ang taslím."***; at dahil ang sabi niya sa taong di-pinagbubutihan ang pagdarasal: ***"Kapag tumayo ka para magdasal ay pagbutihan mo ang pagsasagawa ng wudú', pagkatapos ay humarap ka sa Qiblah at magsabi ka ng Alláhu akbar."***

**3. Ang pagbigkas ng *Súrah al-Fátihah*** dahil ayon sa Hadíth ayon kay 'Ubádah ibnu as-Sámit, ang Sugo ni Allah (SAS) ay

nagsabi: ***"Walang saláh ang sinumang hindi bumigkas ng al-Fátihah."***

**4. Ang pagyukod (*rukú'*)** dahil ang sabi ni Allah (22:77): **"O mga sumampalataya, yumukod kayo,…"** Nabanggit din sa Sahíh al-Bukhárí at Sahíh Muslim sa isang Hadíth na isinalaysay ni Abú Hurayrah (RA) tungkol sa taong di-pinagbubutihan ang pagdarasal; na nagsabi sa kanya ang Sugo ni Allah (SAS): ***"Pagkatapos ay yumukod ka hanggang sa mapanatag ka habang nakayukod."***

**5. Ang pagtayo nang tuwid pagkatapos ng *rukú'*** dahil ang sabi ng Propeta (SAS) sa taong di-pinagbubutihan ang pagdarasal: ***"Pagkatapos ay bumangon ka hanggang sa makatayo ka nang tuwid"*** at sapagkat ayon kay Abú Mas'úd al-Ansárí ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Hindi gagantimpalaan ang saláh ng taong hindi nagtutuwid ng likod niya sa pagyukod o pagpapatirapa."***

**6. Ang pagpapatirapa (*sujúd*) sa pitong bahagi ng katawan** dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Inatasan ako na magpatirapa na nakadiit ang pitong bahagi ng katawan: ang noo—at itinuro niya ng kanyang kamay ang kanyang ilong—ang dalawang kamay, ang dalawang tuhod, at ang mga daliri ng mga paa."***

**7. Ang pagbangon ng likod pagkatapos ng pagpapatirapa** dahil ang sabi ng Propeta (SAS) sa taong di-pinagbubutihan sng pagdarasal: ***"Pagkatapos ay ibangon mo [ang likod] hanggang sa mapanatag ka na nakaupo."***

**8. Ang pag-upo sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa** dahil ang sabi ng Propeta (SAS) sa taong di-pinagbubutihan ang pagdarasal: ***"Pagkatapos ay iangat mo [ang likod]***

***hanggang sa tumuwid habang nakaupo.”*** at ang sabi ni ‘Á’ishah (RA): ***“Ang Propeta (SAS) noon, kapag inangat niya ang kanyang ulo buhat sa [unang] pagkakatirapa, ay hindi siya [muling] nagpapatirapa hanggang hindi natutuwid [ang likod] habang nakaupo.”***

**9. Ang kapanatagan sa lahat ng kilos** dahil ang sabi ng Propeta (SAS) sa taong di-pinagbubutihan ang pagdarasal: ***“Pagkatapos ay yumukod ka hanggang sa mapanatag ka habang nakayukod.”*** Ang Propeta (SAS) noon ay panatag sa kanyang pagdarasal at nagsasabi siya: ***“Magdasal kayo gaya ng kung papaano ninyo nalamang nagdadasal ako.”***

**10. Ang pagkakasunod-sunod ng pagsasagawa ng mga haligi.**

**11. at 12. Ang pagbigkas ng huling tashahhud (*tahíyát*) at ang pag-upo para sa huling tashahhud** dahil ang sabi ng Sugo (SAS): ***“Kapag naupo ang sinuman sa inyo sa saláh ay sabihin niya:*** **‘attahíyatu lilláhi was salawátu wat tayyibát, assalámu ‘alayka ayyuhan nabíyu wa rahmatulláhi wa barakátuh, assalámu ‘alayná wa ‘alá ‘ibádilláhis sálihín, ash'hadu an lá iláha illalláh, wa ash'hadu anna Muhammadan ‘abduhu wa rasúlulláh.…’”**

**13. Ang pananalangin para kay Propeta Muhammad (SAS) sa huling tashahhud** dahil ayon sa Hadíth na isinalaysay ni Ka‘b ibnu ‘Ujarah nang tinanong nila ang Propeta (SAS) kung papaanong dadalangin para sa kanya at nagsabi siya: ***“Magsabi kayo:*** **‘Alláhumma salli ‘alá Muhammadin wa ‘alá áli Muhammad, kamá sallayta ‘alá Ibráhíma wa ‘alá áli Ibráhíma innaka hamídum majíd. Alláhumma bárik ‘alá**

**Muhammadin**[10] **wa ‘alá áli Muhammad, kamá bárakta ‘alá Ibráhíma wa ‘alá áli Ibráhíma innaka hamídum majíd.”**

14. **Pagsasagawa ng dalawang taslím** (pagsasabi ng **assalámu ‘alaykum wa rahmatulláh** habang lumilingon sa kanan at ang pagsasabi rin nito habang lumilingon sa kaliwa) dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***“at ang ipinanlalabas dito ay ang* taslím.”** at dahil ang sabi ni ‘Á’ishah (RA) hinggil sa katangian ng saláh ng Propeta (SAS): “Winawakasan niya ang saláh sa pamamagitan ng taslím.” Samakatuwid, ang pagsasagawa ng taslím ay isang alituntunin sa pagtatapos ng saláh; ito ang pangwakas ng saláh at ang tanda ng katapusan ng saláh.

---

[10] O **wa bárik ‘alá Muhammadin** sa halip na **Alláhumma bárik ‘alá Muhammadin**

# IKAWALONG ARALIN

Ang mga wájib sa saláh ay walo:

1. Ang lahat ng pagsasabi ng **Alláhu akbar** maliban pa sa takbíratul ihrám,
2. Ang pagsabi ng **sami‘alláhu liman hamidah**[11] ng imám at ng nagdarasal nang mag-isa,
3. Ang pagsabi ng imám at ng lahat ng **rabbaná wa lakal hamd,**[12]
4. Ang pagsabi ng **subhána rabbiyal ‘adhím**[13] habang nakayukod,
5. Ang pagsabi ng **subhána rabbiyal a‘lá**[14] habang nakapatirapa,
6. Ang pagsabi ng **rabbighfir lí**[15] sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa,
7. Ang pagbigkas ng unang tashahhud, at
8. Ang pag-upo para sa unang *tashahhud*.

---

Lumipat ang may-akda sa mga wájib sa saláh matapos niyang nilinaw ang mga haligi ng saláh. Inuna niya ang mga haligi ng saláh kaysa sa mga wájib dahil ang mga haligi ay higit na binibigyang-diin kaysa mga wájib dahil ang isang wájib, kapag di-naisagawa dahil sa pagkaligta, ay humihiling ng sujúdus sahw (pagpapatirapa dahil sa pagkaligta), samantalang

---

[11] Dinidinig ni Allah ang sinumang nagpupuri sa Kanya.

[12] Panginoon namin, ukol sa Iyo ang papuri.

[13] Kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang Dakila.

[14] Kaluwalhatian Panginoon ko, ang Kataas-taasan.

[15] O Panginoon ko, patawarin Mo ako.

ang isang haligi ng saláh, kapag di-naisagawa, ay mawawalan ng saysay ang saláh—maging iyon man ay dahil sa pagkaligta o pananadya.

**1. Ang lahat ng pagsasabi ng *Alláhu akbar* maliban pa sa takbíratul ihrám**, yayamang ito ay isang haligi ng saláh, dahil ang sabi ni Ibnu Mas'úd (RA): "Nakita ko ang Propeta (SAS) na nagsabi ng Alláhu sa bawat pag-angat, pagbaba, pagtayo, at pag-upo."

**2. Ang pagsabi ng *sami'alláhu liman hamidah* ng imám at ng nagdarasal nang mag-isa** dahil ayon sa Hadíth na isanalaysay ni Abú Hurayrah (RA): "Ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsasagawa ng takbír kapag nakatayo na upang magdasal, nagsasagawa ng takbír kapag yuyukod at pagkatapos ay nagsasabi ng ***sami' alláhu liman hamidah*** kapag inaangat niya ang likod niya mula sa pagkakayukod. Pagkatapos ay nagsasabi siya ng ***rabbaná wa lakal hamd*** habang siya ay nakatayo."

**3. Ang pagsabi ng imám at ng lahat ng *rabbaná wa lakal hamd*,** gaya ng nabanggit na.

**4. at 5. Ang pagsabi ng *subhána rabbiyal 'adhím* habang nakayukod at ng *subhána rabbiyal a'lá* habang nakapatirapa,** nang tig-iisang ulit dahil ang sabi ni Hudhayfah (RA) sa Hadíth na isinalaysay niya: "Siya—tinutukoy niya ang Propeta (SAS)—ay nagsasabi ng **subhána rabbiyal 'adhím** habang nasa pagyukod niya, at **ng *subhána rabbiyal a'lá*** habang nasa pagpapatirapa niya."

**6. Ang pagsabi ng *rabbighfir lí* sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa** dahil ayon sa Hadíth na isinalaysay ni Hudhayfah (RA) ang Propeta (SAS) ay nagsasabi noon ng

***rabbighfir lí rabbighfir lí*** sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa**.**

**7. Ang pagbigkas ng unang tashahhud** dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Kapag tumayo ka sa iyong pagdarasal ay magsagawa ka ng takbír, pagkatapos ay bumigkas ka ng anumang madali sa iyo mula sa Qur'an. Kapag nakaupo ka na sa kalagitnaan ng pagdarasal ay maging panatag ka at ipang-upo mo ang iyong kaliwang pigi at pagkatapos ay bigkasin mo ang tashahhud."***

**8. Ang pag-upo para sa unang tashahhud** dahil ayon sa Hadíth na isinalaysay ni Ibnu Mas'úd (RA): "Kapag naupo kayo sa bawat dalawang rak'ah ay magsabi kayo ng ***attahíyátu lilláhi…***" at dahil rin sa noong makalimutan ng Propeta ang tashahhud sa saláh sa dhuhr ay nagpatirapa siya ng dalawang pagpapatirapa pa bago nagsagawa ng taslím.

# IKASIYAM NA ARALIN

Ang paglalahad sa tashahhud:

Tahíyát:

**Attahíyátu lilláhi was salawátu wat tayyibát, assalámu ‘alayka ayyuhan nabíyu wa rahmatulláhi wa barakátuh, assalámu ‘alayná wa ‘alá ‘ibádilláhis sálihín, ash'hadu an lá iláha illalláh, wa ash'hadu anna Muhammadan ‘abduhu wa rasúluh.**[16]

Salawát:[17]

**Alláhumma salli ‘alá muhammad, wa ‘alá áli Muhammad, kamá sallayta ‘alá Ibráhím, wa ‘alá áli Ibráhím, innaka hamídum majíd. Alláhumma bárik**[18] **‘alá Muhammad, wa ‘alá áli Muhammad, kamá bárakta ‘alá Ibráhím, wa ‘alá áli Ibráhím, innaka hamídum majíd.**[19]

---

[16] Ang mga pagbati ay ukol kay Alláh, at ang mga dasal at mga mabubuting gawa. Ang kapayapaan ay sumaiyo, o Propeta, at ang awa ni Alláh at ang biyaya Niya. Ang kapayapaan ay sumaamin nawa at makamit nawa ng matutuwid na mga lingkod ni Alláh. Sumasaksi ako na walang totoong Diyos kundi si Alláh, nag-iisa Siya, wala Siyang katambal, at sumasaksi rin ako na si Muhammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.

[17] Ang Salawát ay hindi bahagi ng huling tashahhud ngunit dahil sa binibigkas ito matapos ang tashahhud, maituturihng ito na bahagi na ng huling tashahhud.

[18] Sa halip na **Alláhumma bárik** (O Allah, pagpalain Mo po) ay maaari ring sabihing **Wa bárik** (At pagpalain Mo po).

[19] O Alláh, ipagbunyi Mo si Muhammad at ang mag-anak ni Muhammad gaya ng pagbunyi Mo kay Ibrahim at sa mag-anak ni Ibrahim; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maluwalhati. Pagpalain Mo si Muhammad at ang mag-anak ni

Pagkatapos ay manalangin ng pagpapakupkop kay Allah:

**Alláhumma inní a‘udhu bika min ‘adhábi jahannam, wa min ‘adhábil qabri, wa min fitnatil mahyá wal mamát, wa min fitnatil masíhid dajjál.**[20]

Pagkatapos ay pipili ng anumang panalanging ninanais; lalong mainam kung panalangin iyon ng Propeta (SAS):

**Alláhumma a‘inní ‘alá dhikrika wa shukrika wa husni ‘ibádatik. Alláhumma inní dhalamtu nafsí dhulman kathírá, wa lá yaghfirudh dhunúba illá anta, faghfir lí maghfiratam min ‘indaka warhamní, innaka antal ghafúrur rahím.**[21]

---

Ayon sa sinabi ni Ibnu Mas‘úd (RA): “Bumaling sa amin ang Sugo ni Allah (SAS) at nagsabi: ***‘Kapag magdadasal ang sinuman sa inyo ay magsabi siya ng*** **Attahíyátu lilláhi was salawátu wat tayyibát, assalámu ‘alayka ayyuhan nabíyu wa rahmatulláhi wa barakátuh, assalámu ‘alayná wa ‘alá**

---

Muhammad gaya ng pagpala Mo kay Ibrahim at sa mag-anak ni Ibrahim; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maluwalhati.

[20] O Alláh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa pagdurusa sa Impiyerno at laban sa pagdurusa sa libingan, laban sa tukso ng buhay at kamatayan, at laban sa tukso ng Bulaang Kristo.

[21] O Allah, tulungan Mo ako sa pag-alaala sa Iyo at sa pagpapasalamat sa Iyo at sa pagpapabuti ng pagsamba sa Iyo. O Allah, tunay na ako ay nakagawa ng maraming kawalang-katarungan sa aking sarili at walang nagpapatawad ng mga kasalanan kundi Ikaw kaya patawarin Mo ako ng kapatawarang buhat sa Iyo, at kaawaan Mo ako; tunay na Ikaw, Ikaw ang Mapagpatawad, ang Maawain.

**‘ibádilláhis sálihín, ash'hadu an lá iláha illalláh, wa ash'hadu anna Muhammadan ‘abduhu wa rasúluh.** ***Pagkatapos ay pumili siya ng panalangin na naibigan niya at manalangin.’ ”*** Ang Hadíth na ito ayon kay Ibnu Mas‘úd ay ang pinakatumpak na naisalaysay hinggil sa tashahhud.

Ayon naman sa sinabi ni Abú Mas‘úd al-Badrí (RA): “Nagsabi si Bashrí ibnu Sa‘d (RA), ‘O Sugo ni Allah, inatasan kami ni Allah na dumalangin para sa iyo kaya paano po kaming dadalangin para sa iyo?’ Nanahimik siya at pagkatapos ay nagsabi, ***‘Sabihin ninyo*: Alláhumma salli ‘alá muhammad, wa ‘alá áli Muhammad, kamá sallayta ‘alá Ibráhím, wa ‘alá áli Ibráhím, innaka hamídum majíd. Alláhumma bárik ‘alá Muhammad, wa ‘alá áli Muhammad, kamá bárakta ‘alá Ibráhíma wa ‘alá áli Ibráhím, innaka hamídum majíd.’ ”**

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***“Kapag nabigkas na ng sinuman sa inyo ang tashahhud ay magpakupkop siya kay Allah laban sa apat. Magsasabi siya ng*** **Alláhumma inní a‘údhu bika min ‘adhábi jahannam, wa min ‘adhabil qabri, wa min fitnatil mahyá wal mamát, wa min fitnatil masíhid dajjál.”** Ang Hadíth na ito ay patunay na itinatagubilin ang *isti‘ádhah* (pagpapakupkop) na nabanggit dito matapos ang panalangin para sa Propeta (SAS).

Ayon kay Abú Bakr (RA), siya ay nagsabi sa Sugo ni Allah (SAS), “Turuan mo po ako ng panalangin na ipandadalangin ko sa saláh ko.” Nagsabi ang Propeta (SAS): ***“Sabihin mo,* Alláhumma inní dhalamtu nafsí dhulman kathírá, wa lá yaghfirudh dhunúba illá anta, faghfir lí maghfiratam min ‘indaka warhamní, innaka antal ghafúrur rahím.”**

Ang Hadíth na ito ay patunay na itinatagubilin nang walang pasubali ang pananalangin sa saláh. Ginagawa ito pagkatapos

ng tashahhud, panalangin (Salawát) sa Propeta, at *isti'ádhah* laban sa apat na nabanggit dahil ang sabi ng Propeta sa Hadíth na isinalaysay ni Ibnu Mas'úd (RA): ***"Pagkatapos ay pumili siya ng panalangin na naibigan niya at manalangin siya."*** Sa Hadíth na ito ay may patunay ng pagpapahintulot ng pagdalangin sa saláh sa pamamagitan ng panalanging nabanggit sa ibang Hadíth o ng panalanging hindi nabanggit sa Hadíth, yayamang wala naman ditong ipinagbabawal ayon sa Batas ng Islam. Sa ibang Hadíth ay ganito naman ang pagkakasabi: **"Pagkatapos ay mamili na siya ng kahilingang ninais niya."**

# IKASAMPUNG ARALIN

Ang mga sunnah (itinatagubilin) sa saláh:

1. Ang pagbigkas ng *du'á' al-Istiftáh;*
2. Ang paglagay ng kanang kamay sa kaliwang kamay na nakapatong sa dibdib samantalang nakatayo;
3. Ang pagtaas nang pantay sa balikat o tainga ng mga kamay na magkadikit ang mga daliri sa unang takbír, sa pagyukod, sa pagbangon mula sa pagkayukod, at sa pagtindig mula sa unang tashahhud para simulan ang ikatlong rak'ah;
4. Ang pagdaragdag sa isang ulit na pagsabi ng **subhána rabbiyal 'adhím** habang nakayukod o **subhána rabbiyal a'lá** habang nakapatirapa;
5. Ang pagdagdag sa sinasambit na **rabbaná wa lakal hamd** pagkatapos ng pagyukod;
6. Ang pagdagdag sa isang ulit na pagsabi ng **rabbighfir lí warhamní**… sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa;

7. Ang pagpapantay ng ulo sa likod kapag nakayukod;
8. Ang paglayo ng mga mataas na braso sa gilid ng katawan, at ng tiyan sa mga hita kapag nakapatirapa;
9. Ang pag-aangat ng mga braso sa lapag kapag nakapatirapa;
10. Ang pag-upo ng nagdadasal sa kanyang kaliwang paa at ang pagtukod ng kanang paa sa unang tashahhud at sa pagitan ng dalawang magkasunod na pagpapatirapa;
11. Ang pag-upo sa huling tashahhud ng upong *tawarruk*: nakatukod ang kanang paa, nakalagay ang kaliwang paa sa ilalim ng kanang binti at nakadiit sa lapag ang kanang pigi.
12. Ang pagbigkas ng *salawát* pagkatapos ng *tahiyát* sa unang tashahhud.
13. Ang pananalangin sa katapusan ng huling tashahhud;
14. Ang malakas na pagbigkas ng talata ng Qur’an sa saláh sa fajr at unang dalawang rak‘ah ng saláh sa maghrib at ‘ishá’.
15. Ang tahimik na pagbigkas ng talata ng Qur’an sa saláh sa dhuhr, sa ‘asr, sa ikatlong rak‘ah ng maghrib, at sa huling dalawang rak‘ah ng ‘ishá’;
16. Ang pagdagdag ng iba pang talata ng Qur’an, pagkatapos ng Súrah al-Fátihah, kalakip ng pagsasaalang-alang sa iba pang mga sunnah sa saláh bukod pa sa binanggit natin.

---

Nahahati ang mga sunnah sa saláh sa dalawang uri:

1. Ang mga sunnah sa mga sinasabi.

2. Ang mga *Sunnah* sa mga ginagawa.

Nabanggit ng may-akda ang mga sunnah (itinatagubilin) na ito sa tekstong ipinaliliwanag. Ang mga sunnah na ito ay hindi kailangang gawin ng nagsasagawa ng saláh subalit kung ginawa niya ang mga ito o ang ilan sa mga ito, gagantimpalaan siya. Ang sinumang di-magsagawa ng mga sunnah o di-magsagawa ng anuman sa mga ito ay wala siyang pagkakasala, gaya ng iba pang mga sunnah. Subalit nararapat sa isang Muslim na isagawa niya ang mga ito. Alalahanin niya ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Dapat ninyong isagawa ang aking Sunnah at ang Sunnah ng mga Khalífah na napatnubayan at nagabayan. Kagatin ninyo ang mga ito ng mga bagang ninyo."*** Si Allah ay higit na nakaaalam.

# IKALABING-ISANG ARALIN

Ang mga pampasira ng saláh ay walo:

1. Ang sinasadyang pagsasalita kasabay ng pagkaalaala at pagkakaalam [na pampasira iyon ng saláh], ngunit ang isang nakalimot o ang isang di-nakaaalam ay hindi masisira ang saláh niya dahil doon;
2. Ang pagtawa;
3. Ang pagkain;
4. Ang pag-inom;
5. Ang pagkalitaw ng 'awrah;
6. Ang labis na paglihis mula sa qiblah;
7. Ang maraming sunod-sunod na galaw na walang kinalaman sa saláh; at
8. Ang pagkasira ng wudú'.

Pagkatapos banggitin ng may-akda ang mga kondisyon sa saláh, mga haligi nito, mga wájib nito, at mga sunnah nito sa sinasabi at ginagawa ay sinimulan naman niyang banggitin ang mga Pampasira sa saláh upang ang isang Muslim ay makapag-ingat na masira ang kanyang saláh sa pamamagitan ng paggawa ng isa sa walong Pampasira ng saláh. Ang mga ito ay ang sumusunod:

**1. Ang sinasadyang pagsasalita kasabay ng pagkaalaala at pagkakaalam [na pampasira iyon ng saláh], ngunit ang isang nakalimot o ang isang di-nakaaalam ay hindi masisira ang saláh niya dahil doon** sapagkat ayon sa isang Hadíth na naisalaysay ayon kay Zayd ibnu al-Arqam (RA): “Ipinag-utos sa amin ang pananahimik [sa saláh] at ipinagbawal sa amin ang pagsasalita.”

**2. Ang pagtawa.** Nagsabi si Ibnu Mundhir (isang dalubhasa sa larangan ng Batas ng Islam): “Nagkakaisa sila sa hatol na ang pagtawa ay nakasisira sa saláh.”

**3 at 4. Ang pagkain at ang pag-inom.** Nagsabi si Ibnu Mundhir: “Nagkakaisa sa hatol ang bawat natatandaan natin [na pantas ng Islam] na ang sinumang kumain o uminom nang sadya sa saláh na fard ay kailangan niyang ulitin [ang saláh].”

**5. Ang pagkalitaw ng ‘awrah** sapagkat kabilang sa mga kondisyon ng saláh ang pagtatakip sa ‘awrah; kaya naman kapag nalabag ang kondisyon, masisira ang kinokondisyunan at iyon ay ang saláh.

**6. Ang labis na paglihis mula sa qiblah** sapagkat kabilang sa mga kondisyon ng saláh ang pagharap sa qiblah gaya ng nabanggit na.

**7. Ang maraming sunod-sunod na galaw na walang kinalaman sa saláh** sapagkat kapag dumami ang mga ito nang sunod-sunod, nasisira ang saláh ayon sa nagkakaisang hatol sa Islam. Nabanggit sa al-Káfí (isang aklat sa Batas ng Islam): "Kung kakaunti, hindi ito makasisira doon…sapagkat ang pagbubuhat niya (SAS) kay Umámah sa sandali ng pagdarasal [ay hindi nakasira sa saláh niya]; kapag tumayo siya, binubuhat niya ito; at kapag magpapatirapa siya, inilalapag niya ito.…Sumulong siya at umurong sa saláh para sa eklipse."

**8. Ang pagkasira ng wudú'** sapagkat ito ay isang kondisyon upang maging tumpak ang saláh; kaya naman kapag nasira ang wudú', nasisira rin ang saláh.

# IKALABINDALAWANG ARALIN

Ang mga kondisyon sa pagsasagawa ng wudú' ay sampu:

1. Ang pagiging kaanib ng Islam,
2. Ang sapat na pag-iisip,
3. Ang tamang gulang,
4. Ang *níyah* (hangarin),
5. Ang pagpapatuloy sa pagsasagawa nito: na hindi maglalayong ititigil ito hanggang hindi nalulubos ang wudú',
6. Ang paghinto ng bisa ng wudú',
7. Ang pagsagawa ng istinjá' o ng istijmár bago magsagawa ng wudú',
8. Ang pagiging tahúr (maipanglilinis) at ang pagiging mubáh (ipinahihintulot na gamitin) ng tubig,

9. Ang pag-aalis ng anumang pumipigil sa pagdating ng tubig sa balat,
10. Ang pagsapit ng oras ng s̲aláh para sa palagiang nasisiraan ng wud̲ú’,

---

Ang mga kondisyon ng wud̲ú’ ay: ang pagiging kaanib ng Islam, ang sapat na pag-iisip, ang tamang gulang, at ang níyah (hangarin). Samakatuwid, hindi magiging tanggap ang wud̲ú’ ng isang káfir sapagkat hindi matatanggap ang wud̲ú’ mula sa kanya hanggat hindi siya yumayakap sa Islam; hindi tanggap ang wud̲ú’ ng isang baliw dahil wala siyang tungkulin; hindi matatanggap ang wud̲ú’ ng paslit dahil wala pa siya sa tamang gulang; hindi tanggap ang wud̲ú’ ng sinumang hindi naglayong magsagawa ng wud̲ú’: halimbawa kung naglayon siyang magpalamig lamang o maghugas ng mga bahagi ng katawan upang maalis ang dumi o grasa.

Hinihiling din na isang kondisyon para sa pagsasagawa ng wud̲ú’ na ang tubig ay t̲ahúr (maipanglilinis) sapagkat kung ito ay najis, hindi ito matatanggap para sa wud̲ú’. Hinihiling din na isang kondiyson para sa pagsasagwa ng wud̲ú’ na ang tubig ay mubáh̲ (ipinahihintulot na gamitin) sapagkat kung ito ay nakaw o nakuha sa paraang hindi alinsunod sa paraang legal sa Islam, hindi magiging tumpak ang wud̲ú’ sa pamamagitan nito. Hinihiling din na isang kondisyon sa pagsasagawa ng wud̲ú’ na nakapagsagawa muna ng istinjá’ (paglilinis sa pamamagitan ng tubig) o istijmár (paglilinis sa pamamagitan ng solidong bagay, kung walang tubig, gaya ng bato, papel, dahon at iba pa) tuwing matapos umihi o dumumi. Hinihiling din na isang kondisyon ang pag-aalis ng anumang nakahahadlang sa pagdating ng tubig sa katawan na kailangan ang wud̲ú’; kaya kailangang alisin ng nagsasagawa ng wud̲ú’ ang anumang nasa mga bahagi ng

katawan na hinuhagsan sa wudú’ gaya ng putik o *wax* o makapal na pangkulay na nakadikit sa balat upang direktahang dumaloy nang walang sagabal ang tubig sa balat ng bahagi ng katawan na kailangang mababasa.

Hinihiling din na kondisyon ang pagsapit ng oras ng saláh para sa palagiang nasisiraan ng wudú’ dahil nag-utos ang Propeta (SAS) sa babaeng may istihádah na magsagawa ng wudú’ sa bawat saláh.

# IKALABINTATLONG ARALIN

Ang mga fard (obligadong gawain) sa pagsasagawa ng wudú’ ay anim:

1. Ang paghuhugas ng mukha kasama rito ang pagmumumog at ang paglilinis ng ilong,
2. Ang paghuhugas ng mga kamay hanggang sa mga siko,
3. Ang paghaplos [ng basang kamay] sa buong ulo kasama na ang mga tainga,
4. Ang paghuhugas sa mga paa hanggang sa mga bukong-bukong,
5. Ang pagkakasunod-sunod, at
6. Ang tuloy-tuloy na pagsasagawa.

---

Ang mga fard ng wudú’ ay sinabi ni Allah (5:6): **“O mga sumampalataya, kapag nais ninyong magsagawa ng dasal ay hugasan ninyo ang inyong mga mukha, ang inyong mga kamay hanggang sa mga siko—haplusin ninyo ang inyong mga ulo—at ang inyong mga paa hanggang sa bukong-bukong.…”**

**1. Ang paghuhugas ng mukha kasama na rito ang pagmumumog at ang paglilinis ng ilong.** Nagsabi si Allah (5:6): **“…hugasan ninyo ang inyong mga mukha,…”** Ang patunay na kailangan ang pagmumumog at paglilinis ng ilong ay sa dahilang ang dalawang ito ay bahagi ng mukha, at dahil na rin sa ang bawat naglarawan sa pagsasagawa ng wudú’ ng Propeta (SAS) ay nababanggit ang pagmumumog at ang paglilinis ng ilong. Nasasaad sa Hadíth ayon kay Abú Hurayrah (RA) na ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***“Kapag nagsagawa ng wudú’ ang sinuman sa inyo ay lagyan niya ng tubig ang kanyang ilong at pagkatapos ay isinga ito.”***

**2. Ang paghuhugas ng mga kamay hanggang sa mga siko** dahil ang sabi ni Allah (5:6): **“…hugasan ninyo ang inyong mga mukha, ang inyong mga kamay hanggang sa mga siko…”** Ibig sabihin “pati ang mga siko.” Samakatuwid, kailangang hugasan ang mga siko sapagkat ang Propeta (SAS) ay naghuhugas ng kanyang mga siko sa pagsasagawa ng wudú’.

**3. Ang paghaplos [ng basang kamay] sa buong ulo kasama na ang mga tainga** sapagkat ang sabi ni Allah (5:6): **“…haplusin ninyo ang inyong mga ulo…”** Nagsabi naman ang Propeta (SAS): ***“Ang mga tainga ay bahagi ng ulo.”*** At sapagkat ang Propeta (SAS) ay humahaplos sa kanyang ulo at sa kanyang mga tainga sa pagsasagawa ng wudú’.

**4. Ang paghuhugas sa mga paa hanggang sa mga bukong-bukong** sapagkat ang sabi ni Allah (5:6): **“…hugasan ninyo ang inyong mga mukha, ang inyong mga kamay hanggang sa mga siko—haplusin ninyo ang inyong mga ulo—at ang inyong mga paa hanggang sa bukong-bukong.…”**

**5. Ang pagkakasunod-sunod** sapagkat binanggit ni Allah ang pagsasagawa nito na magkakasunod-sunod. Isiningit pa nga Niya ang hinahaplos (ang ulo) sa pagitan ng mga hinuhugasan (ang mga kamay at ang mga paa) at pinutol Niya ang pagkakarugtong ng kamay sa paa. Ang ipinahihiwatig nito rito ay ang pagkakasunod-sunod. Isinasagawa ng Propeta (SAS) ang wuḏú' sa ganitong pagkakasunod-sunod. **Siya, sa pamamagitan ng kanyang salita at kanyang gawa, ay ang tagapagpaliwanag sa Aklat ni Allah.**

**6. Ang tuloy-tuloy na pagsasagawa**: hindi ipagpapaliban ang paghuhugas sa isang bahagi hanggang sa matuyo ang naunang bahaging hinugasan. Ang patunay nito ay ang Sugo (SAS) na siyang tagagawa ng batas at tagapaglinaw para sa kanyang mga tagasunod ng mga alituntunin ng kanilang pananampalataya, at ang bawat naglarawan sa wuḏú' ng Sugo (SAS) ay naglarawang tuloy-tuloy ang pagsasagawa nito.

# IKALABING-APAT NA ARALIN

Ang mga pampasira ng wuḏú' ay anim:

1. Ang lumalabas sa puwit at ari;
2. Ang lumalabas na labis-labis na Najis mula sa katawan;
3. Ang pagkawala ng malay sanhi ng pagkatulog at iba pa;
4. Ang paghipo sa ari o puwit sa pamamagitan ng kamay na hindi natatabingan;
5. Ang pagkain ng karne ng kamelyo;
6. Ang pagtalikod sa Islam, huwag ipahintulot ni Allah na mangyari iyon sa atin at sa lahat ng mga Muslim.

Tinalakay ng may-akda sa nagdaang aralin ang tungkol sa wudú’. Nais niya namang linawin sa araling ito ang mga bagay na nakasisira sa wudú’ upang ang isang Muslim ay magkaroon ng kaalaman sa bagay-bagay tungkol sa kanyang Relihiyon; kaya naman binanggit niya sa atin na ang mga nakasisira sa wudú’ ay ang mga sumusunod:

1. **Ang lumalabas sa puwit at ari**: marami man o kaunti. Dalawang uri ito:

A. Ang karaniwan gaya ng ihi o dumi. Ito ay nakasisira sa wudú’, walang pagtatalo hinggil dito. Nagsabi si Allah (5:6): **“…o dumating ang isa sa inyo mula sa palikuran…”**

B. Ang bibihira gaya ng bulate, buhok, o bato. Nakasisira rin ang mga ito sa wudú’ sapagkat ang sabi ng Propeta (SAS) sa isang babaeng may istiháдah: “Magsagawa ka ng wudú’ sa bawat pagdarasal.” Ang dugong lumalabas sa kanya ay hindi karaniwan ngunit dahil sa iyon ay lumalabas sa ari, naging kawangis na rin iyon ng karaniwang lumalabas.

**2. Ang lumalabas na labis-labis na Najis mula sa katawan.** Ito ay nakasisira sa wudú’ kapag marami, ngunit kung kakaunti ay hindi naman makasisira sa wudú’. Halimbawa, ang dugo, kapag lumabis ang lumabas, ito ay makasisira sa wudú’. Ngunit kung kakaunti naman ay hindi makasisira dahil ang sabi ni Ibnu ‘Abbás (RA) hinggil sa dugo [na lumabas]: “Kapag labis-labis ay kailangan siyang umulit [sa pagsasagawa ng wudú’].” Nang pinisil ni Ibnu ‘Umar (RA) ang kanyang tagihawat at may lumabas na dugo ay nagdasal siya ngunit hindi na siya muling nagsagawa ng wudú’. Walang Kasama ng Propeta (SAS) na

nalamang sumalungat sa kanilang dalawa hinggil dito; kaya naman iyon ay naging isa nang pinagkaisahang hatol.

**3. Ang pagkawala ng malay sanhi ng pagkatulog at iba pa** gaya ng pagkabaliw, pagkawala ng ulirat o pagkalango dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***“Ang kamalayan ay pampigil ng paglabas ng najis; kaya ang sinumang nakatulog ay magsagawa ng wudú’ [bago magdasal].”*** Ang pagkawala ng ulirat, ang pagkabaliw, at ang pagkalango ay higit na matindi ang dulot na kawalan ng kamalayan kaya naman lalo itong nakasisira sa wudú’ .

**4. Ang paghipo sa ari o puwit sa pamamagitan ng kamay na hindi natatabingan** dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***“Ang sinumang humipo sa kanyang ari (o puwit) ay magsagawa ng wudú’.”***

**5. Ang pagkain ng karne ng kamelyo** dahil may naisalaysay [na Hadíth] mula kay Jábir ibnu Samurah (RA) na may isang lalaki na nagtanong sa Propeta (SAS): “Magsasagawa po ba ako ng wudú’ matapos kumain ng karne ng kamelyo?” Nagsabi siya: ***“Oo, magsagawa ka ng wudú’ matapos kumain ng karne ng kamelyo.”***

**6. Ang pagtalikod sa Islam, pangalagaan tayo ni Allah at ang lahat ng mga Muslim laban doon** dahil ang sabi ni Allah (39:65): **“talaga namang kung nagtambal ka kay Allah ay talagang mawawalan nga ng kabuluhan ang iyong gawa”**

## Pangkalahatang Paalaala:

Tungkol naman sa pagpapaligo sa patay, ang tumpak na pahayag ay hindi ito nakasisira sa wudú’. Ito ang pahayag ng nakararami sa mga pantas ng Islam dahil walang patunay na nakasisira nga iyon. Subalit kung sakaling nasaling ng

tagapaligo ng patay ang ari o puwit ng patay nang hindi natatabingan iyon o hindi natatabingan ang kamay niya, kailangang magsagawa siya ng wuḏú' pagkatapos.

Gayon din ang pagsaling (paghawak o paghipo) sa babae, may pagnanasa man o walang pagnanasa, hinding-hindi iyon nakasisira sa wuḏú' ayon sa pinakatumpak na pahayag ng mga pantas ng Islam, hangga't walang anumang likidong sanhi ng pagnanasa na lumabas sa kanya sapagkat si Propeta Muhammad (SAS) ay humalik sa ilan sa mga maybahay niya at pagkatapos ay nagdasal siya at hindi na siya muling nagsagawa ng wuḏú'. Tungkol naman sa sinabi ni Allah (4:43 o 5:6): **"…o sumaling kayo ng mga babae…"** ang tinutukoy rito ay ang pakikipagtalik sa babae ayon sa pinakatumpak na pahayag ng nakararaming pantas ng Islam. Ito rin ang pahayag ni Ibnu Abbas at ng iba pa.

# IKALABINLIMANG ARALIN

Ilan sa mga itinatagubiling pag-uugali para sa bawat Muslim:

Ang pagkamatapat, ang pagkamapagkakatiwalaan, ang kalinisan ng moralidad, ang pagkakaroon ng hiya, ang katapangan, ang pagkamapagbigay, ang pagtupad sa pangako, ang pag-iwas sa lahat ng ipinagbabawal ni Allah, ang pagiging mabuting kapitbahay, ang pagtulong sa mga nangangailangan, at iba pang mga pag-uugali na ipinakita ng Banal na Qur'an at H̲adíth, na ang mga iyon ay itinatagubilin.

# IKALABING-ANIM NA ARALIN

Ang mga kaasalang itinatagubilin ng Islam:

Ang pagbati sa pamamagitan ng pagsabi ng *assalámu ‘alaykum*; ang pagkamasayahin; ang paggamit ng kanang kamay sa pagkain at pag-inom; ang pagsunod sa mga kagandahang asal na itinatagubilin ng Islam sa pagpasok sa masjid o bahay, sa paglabas sa mga ito, sa paglalakbay; ang paggawa ng magaling sa mga magulang, mga kamag-anak, mga kapit-bahay, mga nakatatanda, at mga nakababata; ang pagbati sa nagkaroon ng anak; ang pakikiramay sa dinapuan ng kasawian; at iba pang mga kaasalan na maka-Islam.

---

Matapos na linawin ng may-akda, kaawaan siya ni Allah, ang mga alituntunin sa paniniwala at ang mga alituntunin sa pagsamba sa nagdaang mga aralin, ninais niyang linawin sa madlang kaanib ng Islam ang ilan sa mga pag-uugali at kaasalan sa Islam na itinatagubilin sa bawat Muslim. Kaya tungkulin mo, kapatid sa Islam—nawa’y patnubayan tayo ni Allah sa lahat ng mabuti—na isagawa ang mga iyon upang makagawa ka sa mga tao ng napakakahanga-hanga at napakagaling na mga halimbawa sa pamamagitan ng mga dakilang pag-uugali at mga kahanga-hangang kaasalan na iyon. Nagtutulungan ang mga nasasaad sa Qur’an at Sunnah sa paghimok sa pagsunod sa mga iyon. At kung hindi nga lamang sa pangambang humaba ang usapan ay tinalakay ko na sana ang mga ito. Gawin mong huwaran sa pagpapatupad ng mga iyon ang Sugo ni Allah (SAS). Tinanong si ‘Á’isháh (RA) tungkol sa kanyang pag-uugali; kaya naman nagsabi ito: “Ang kanyang pag-uugali ay ang Qur’an.”

Nakilala ang Propeta (SAS) sa pagiging matapat, pagiging mapagkakatiwalaan, pagiging matapang, pagiging mapagbigay, at pagiging mapag-iwas sa lahat ng ipinagbawal ni Allah. Tinularan din ng kanyang mga marangal na Kasama—kalugdan sila ni Allah—ang kanyang gawi. Lumaganap ang Islam sa maraming sulok ng mundo, una sa lahat, dahil sa mabuting pakikitungo ng mga mangangalakal na Muslim sa kanilang kapwa tao. Sila ay mga matapat at mga mapagkakatiwalaan.

Ang aking pag-asa ay nasa kay Allah at pagkatapos ay nasa iyo, kapatid sa Islam, na nawa'y mapabilang ka sa mga nagtataglay ng ganitong mga katangiang kapuri-puri. Kailangang ikaw ay maging tapat sa salita at sa gawa; mapagkakatiwalaan sa anumang ginagawa mo at ipinagkakatiwala sa iyo; nagkakasya at nakadarama ng kasapatan sa anumang nasa iyong kamay; may hiya, kaasalan, katapangan, pagtupad sa pangako, bukas-palad, at pag-iwas at paglayo sa kasalanan.

Maging mabuti ka sa iyong kapitbahay sapagkat ang kanilang karapatan sa iyo ay malaki. Alalayan mo ang nangangailangan sapagkat si Allah ay tumutulong sa tao hangga't ang tao ay tumutulong sa kanyang kapwa. Batiin mo ang kilala mo at ang hindi mo kilala sapagkat ito ay bahagi ng Sunnah; naghahasik ito ng pagmamahalan at nag-aalis ng kalungkutan at pagkakalayo ng kalooban. Maging masayahin ka sa harap ng iyong mga kapatid na Muslim sapagkat ito ay bahagi ng pagkakawang-gawa.

Gawin mo ang itinuro sa iyo ng Sugo (SAS) gaya ng pagkain at pag-inom sa pamamagitan ng kanang kamay. Sundin mo ang Sunnah sa pamamagitan ng pag-uuna sa kanang paa sa pagpasok sa masjid kalakip ng panalangin sa pagpasok sa masjid, at pag-uuna naman sa kaliwang paa sa paglabas dito.

Panatilihin mo ang pagbanggit sa panalangin sa pagpasok at paglabas sa bahay upang mapag-ingatan ka ng pag-iingat ni Allah, at mapangalagaan ka ng Kanyang pangangalaga. Sa iyong paglalakbay ay huwag mong kalimutan ang panalangin sa paglalakbay. Maging mabait ka sa iyong mga magulang at pakitunguhan mo sila ayon sa kung ano ang nakabubuti. Dapat mong malaman na ang karapatan nila sa iyo ay malaki, na tinukoy sa Qur'an at Hadíth; huwag mong ipagwalang-bahala ang mga iyon dahil magsisisi ka kapag wala nang oras para magsisisi. Huwag mong kalimutan na gumawa ng magaling sa iyong mga kamag-anak, mga kapit-bahay, mga nakatatanda, at mga nakababata sapagkat ito ay tagubilin ng Diyos at ng Propeta (SAS). Nagsabi si Allah (2:195): **"…Gumawa kayo ng magaling; tunay na iniibig ni Allah ang mga gumgawa ng magaling."** Nagsabi naman ang Propeta (SAS): ***"Tunay na hindi ninyo mabibigyang-kasiyahan ang mga tao sa pamamagitan ng inyong mga yaman, ngunit hayaang bigyang-kasiyahan sila mula sa inyo ng kaaya-ayang mukha at magandang ugali."*** Nagsabi siya kay Mu'ádh: ***"Mangilag kang magkasala kay Allah saan ka man naroon, pasundan mo ang masamang gawa ng mabuting gawa na magpapawi roon, at pakitunguhan mo ang mga tao ng magandang pag-uugali."*** Nagsabi naman ang isang makata:

Gumawa ka ng magaling sa mga tao,
aalipinin mo ang kanilang mga puso
Sapagkat matagal nang inalipin ang tao
ng magaling na pakikitungo

Batiin mo ang magulang sa pagsilang ng kanyang sanggol, at ipanalangin mo sa pamamagitan ng panalangin para roon. Damayan mo ang mga kapatid mong dinapuan ng dalamhati,

gagantimpalaan ka dahil doon at makakamtan mo ang katulad ng gantimplang laan sa kanila (dahil sa pagtitiis nila sa dalamhati). Sundin mo ang iba pang mga kaasalan sa Islam at iwasan mo ang mga masamang ugali. Nawa'y gawin tayo ni Allah na kabilang sa mga sumusunod sa mga pag-uugali at mga kaasalang itinatagubilin ng Islam, at sa mga umiiiwas sa mga kadusta-dustang pag-uugali; tunay na Siya ay may kakayahan sa lahat ng bagay at sa pagtugon sa dalangin ay karapat-dapat. Pagpalain at pangalagaan ni Allah ang ating Propeta na si Muhammad sampu ng lahat ng mag-anak niya at mga Kasama niya.

# IKALABIMPITONG ARALIN

Ang pagbibigay-babala laban sa Shirk at sa iba't-ibang uri ng mga pagsuway, na ang ilan sa mga ito ay ang pitong nakapagpapahamak na kasalanan: ang pagtatambal kay Allah (Shirk), ang panggagaway, ang pagkitil ng buhay sa ipinagbawal ni Allah na kitilin nang wala sa katuwiran, ang paggamit ng ari-arian ng mga ulila, ang *ribá* (patubo sa utang), ang pagtakas sa gitna ng labanan, at ang paninirang-puri sa mga mararangal na inosenteng babaeng mananampalataya. Kabilang din sa mga ito ang pagsuway sa mga magulang; ang pagputol ng ugnayan sa mga kamag-anak; ang pagsaksi sa kabulaanan; ang sinungaling na panunumpa; ang panliligalig sa kapitbahay; ang paggawa ng kawalang-katarungan sa mga tao: sa kanilang mga buhay, mga ari-arian, mga dangal; at iba pang ipinagbawal ni Allah at ng Kanyang Sugo (SAS).

Nang natapos na ng may-akda na banggitin ang ilan sa mga pag-uugali at mga kaasalang itinatagubilin ng Islam para sa bawat Muslim, ninais niyang linawin sa araling ito ang panganib na dulot ng Shirk at ang babala laban dito at sa lahat ng pagsuway kay Allah, na ang ilan sa mga ito ay ang pitong nakapagpapahamak na kasalanan upang makaapag-ingat ang mga kaanib ng Islam na masadlak sa mga ito. Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***"Layuan ninyo ang pitong nakapagpapahamak na kasalanan."*** Nagsabi sila: "O Sugo ni Allah, ano po ang mga iyon?" Nagsabi siya: ***"Ang pagtatambal kay Allah (Shirk), ang panggagaway, ang pagkitil sa buhay na ipinagbawal ni Allah na kitilin nang wala sa katuwiran, ang paggamit ng ari-arian ng mga ulila, ang ribá (patubo sa utang), ang pagtakas sa gitna ng labanan, at ang paninirang-puri sa mga marangal at inosenteng babaeng mananampalataya."***

Tinawag ito na nakapagpapahamak dahil ito ay nagpapahamak sa gumagawa nito sa mundo dahil sa inilaang mga kaparusahan, at sa Kabilang-buhay dahil sa nakalaang pagdurusa. Nauna nang natalakay ang tungkol sa Shirk sa Ikaapat na Aralin, kaya naman repasuhin na lamang kung kailangan.

Ang panggagaway (karunungang itim o *sihr* sa wikang Arabe) ay kinabibilangan ng mga azímah (birtud o agimat na isinusulat), mga ruqyah (birtud o agimat na binibigkas o ibinubulong), at mga gawang nakaapekto sa damdamin o pag-iisip (pangagayuma) at katawan (pangkukulam). Kabilang dito ang nakapagdudulot ng karamdaman o kamatayan sa biktima, at nagpapahiwalay sa mag-asawa. Kabilang din dito ang paggawa ng ilusyon sa mga mata ng mga tao: pangitaing walang

katotohanan, gaya ng sinabi ni Allah (20:65-66): **"Nagsabi sila, "O Moises, *mauna* kang magtatapon o kami ang unang magtatapon. Nagsabi siya, "Datapuwa't magtapon *muna* kayo." Walang anu-ano, ang kanilang mga lubid at ang kanilang mga tungkod ay lumitaw sa kanyang paningin—dahil sa kanilang panggagaway—na ang mga ito ay mabilis na gumagapang."** Ang panggagaway ay ipinagbabawal sapagkat ito ay kawalang pananampalataya kay Allah at sumasalungat sa Pananampalataya at Tawhíd. Nagsabi si Allah (2:102): **"Ngunit hindi nagtuturo ang dalawang ito sa sinuman hanggat hindi sinasabi ng mga ito: "Kami ay tukso lamang, kaya huwag kang tumalikod sa pananampalataya.""** Ang parusa sa manggagaway ay kamatayan. Ang lahat ng nasasaad sa Hadíth na nabanggit at ang binanggit ni Shaykh Ibnu Báz matapos ang pitong nakapagpapahamak na kasalanan ay ipinagbabawal ayon sa nasaad sa Qur'an at Sunnah.

Kaya tungkulin ng bawat Muslim na iwasan nang lubusan ang panggaway. Kung nakagawa man siya ng anuman mula sa panggagaway, kailangang iwaksi at tigilan niya iyon, at saka magkaroon ng matatag na pagpapasyang hindi na muling gagawin ang kasalanang iyon sa ikalawang pagkakataon at pati na ang iba pang mga kasalanan at mga pagsuway. Ipagbabawal niya rin iyon sa sinumang nasa ilalim ng kanyang kamay at bibigyang-babala niya naman ang mga kapatid niyang Muslim laban sa pagkasadlak sa mga iyon. Ipaliliwanag niya ang panganib na dulot niyon sa pananampalataya sapagkat ito ay bahagi ng pakikipagtulungan sa kabutihan at pangingilag sa pagkakasala, at bahagi rin ng pag-aatas sa nakabubuti, pagsaway sa nakasasama, at pag-aanyaya tungo kay Allah. Ito ang pamamaraan ng mga Propeta (SAS). Nagsabi si Allah sa

pamamagitan ng Kanyang Propeta na si Muhammad (12:108): **“Sabihin mo: “Ito ang landas ko. Nag-aanyaya ako kay Allah nang may kabatiran, ako at ang sinumang sumunod sa akin.”**

Nawa’y pangalagaan kayo ni Allah sampu ng lahat ng mga Muslim laban sa lahat ng mga kasalanan at mga pagsuway, at nawa’y patatagin Niya tayo sa pamamagitan ng Kanyang matatag na salita dito sa Lupa at sa Kabilang-buhay. Tunay na ang Panginoon natin ay dumidinig at tumutugon sa mga panalangin. Pagpalain at pangalagaan ni Allah ang ating Propeta na si Muhammad, ang kanyang mag-anak, at ang lahat ng kanyang mga Kasama.

# IKALABING-WALONG ARALIN

Ang paghahanda sa patay at ang pagsasagawa ng saláh para sa patay.

## A. Ang Paghahanda sa Patay

1. Kapag natiyak ang kamatayan ng isang Muslim, ipipikit ang mga mata nito at tatalian ang panga nito.

2. Sa pagpapaligo ng isang patay na Muslim ay tatakpan ang ‘awrah nito, iaangat nang kaunti ang likod nito at pipisilin nang marahan ang tiyan nito. Pagkatapos ay babalutin ng tagapagpaligo ng basahan ang kanyang kamay o magsusuot siya ng guwantes at huhugasan niya ang ari at puwit ng patay. Pagkatapos ay gagawan niya ito ng wudú’ na tulad ng wudú’ para sa saláh. Pagkatapos ay huhugasan niya ang ulo nito at ang balbas nito ng tubig na may lotus o tulad nito. Pagkatapos ay huhugasan

muna ang kanang bahagi ng katawan at saka ang kaliwang bahagi ng katawan at uulitin ang ganitong paghuhugas sa ikalawa at ikatlong beses. Sa tuwing hinuhugasan ito ay pipisilin nang banayad ang tiyan nito. Kapag may lumabas sa ari o puwit nito ay huhugasan niya ito. Lalagyan ang puwit ng bulak o anumang tulad nito. Kung hindi mapigilin ay lalagyan ito ng putik o maaari ring gamitin ang mga makabagong pamamaraan ng medisina gaya ng plaster at iba pa.

Uulitin ang ginawang wuḏú’ para rito. At kung hindi pa ito nalinis sa tatlong paghuhugas, magdadagdag ng dalawa o apat na beses na paghuhugas. Pagkatapos ay pupunasan ng tela, lalagyan ng pabango ang kili-kili, ang singit, at ang bahagi ng katawan na nakadiit sa lapag kapag nagpapatirapa. Kung lalagyan ng pabango ang buong katawan ng patay ay mainam din. Pauusukan ng insenso ang kanyang mga kafn (pambalot sa patay). Kung ang bigote o ang kuko nito ay mahaba, gugupitin ang mga iyon. Ang buhok ng lalaking patay ay hindi susuklayin. Ang buhok naman ng babaeng patay ay itatarintas sa tatlong bahagi at ilalaylay sa likuran nito.

3. Ang pagbabalot ng patay. Ang pinakamainam ay na balutin ang lalaki sa tatlong puting tela na walang panloob na damit o takip sa ulo (*‘amámah*).At kung babalutin man sa *Qamís̱*, *Izár* (isang tela na ipinantatapis sa baywang nito), at *Lifafáh* (pambalot sa buong katawan ng patay) ay wala ring masama. Ang babae naman ay babalutin sa limang tela: (1) *Dir‘* (maluwang na panlabas

na kasuotan na may manggas), (2) *Khimár* (panakip sa ulo at mukha), (3) *Izár*, at (4) dalawang *Lifáfah.*

Ang batang lalaki ay binabalot sa isa hanggang sa tatlong pirasong tela. Ang batang babae naman ay pinasusuutan ng *Qamís* at binabalot sa dalawang *Lifáfah*.

4. Ang may higit na karapatan na magpaligo sa lalaking patay, magsagawa ng saláh para sa kanya, at maglibing sa kanya ay ang taong pinagbilinan niya niya niyon, pagkatapos ay ang kanyang ama, pagkatapos ay ang kanyang lolo, at pagkatapos ay ang mga kamag-anak sa panig ng kanyang ama ayon sa kung sino ang lalong malapit. Ang lalong karapat-dapat na magpaligo sa babaeng patay ay ang babaeng pinagbilinan niya, pagkatapos ay ang kanyang ina, pagkatapos ay ang kanyang lola, at pagkatapos ay ang mga babaeng kamag-anak ayon sa kung sino ang lalong malapit. Ang mag-asawa ay maaaring magpaligo sa isa sa kanila sapagkat noong namatay si Abú Bakr (RA) ay pinaliguan siya ng kanyang asawa, at sapagkat si ‘Alí (RA) ang nagpaligo sa kanyang maybahay na si Fátimah (RA) noong namatay ito.

## B. Ang Saláh Para sa Patay

1. Magsasabi ng **Alláhu akbar** at bibigkasin ang Súrah al-Fátihah. Kung sasamahan ng isang maikling Súrah o isa o dalawang talata ng Qur’an ay mainam rin batay sa Hadíth tungkol dito ayon kay Ibnu ‘Abbás (RA).

2. Pagkatapos ay magsasabi muli ng **Alláhu akbar** sa ikalawang pagkakataon at saka mananalangin nang tahimik para sa Propeta (SAS) gaya ng sa Salawát sa tashahhud.

3. Pagkatapos ay magsasabi muli ng **Alláhu akbar** sa ikatlong pagkakataon at saka sasabihin ang panalanging ito:

**Alláhummaghfir lihayyiná wa mayyitiná, wa sháhidiná wa ghá'ibiná, wa saghíriná wa kabíriná, wa dhakariná wa unthání. Alláhumma man ahyaytahu minná fa'ahyihi 'alal Islám wa man tawaffaytahu minná fatawwaffahu 'alal ímán. Alláhumma lá tahrimná ajrahu, wa lá tudillaná ba'dah.**[22]

**Alláhummaghfir lahu* warhamhu* wa'áfihi* wa'fu 'anhu,* wa akrim nuzulahu* wa wassi' madkahlahu,* waghsilhu* bilmá'i waththalji walbarad, wa naqqihi* minadh dhunúbi wal khatáyá, kamá yunaqqath thawbul abyadu minad danas, wa abdilhu* dáran khairam min dárihi* wa**

[22] O Allah, patawarin Mo ang nabubuhay pa sa amin at ang namatay na sa amin, ang naririto ngayon sa amin at ang wala ngayon sa amin, ang bata sa amin at ang matanda sa amin, ang lalaki sa amin at ang babae sa amin. O Allah, ang hinayaan Mo pang mabuhay sa amin ay pamuhayin Mo siya sa Islam at ang sinumang babawian Mo sa amin ng buhay ay bawian Mo ng buhay na nasa pananampalataya. O Allah, huwag Mong ipagkait sa amin ang kabayaran [sa pagtitiis] para sa kanya at huwag Mo kaming ipaligaw ngayong wala na siya.

**ahlan khairam min ahlihi,* wa adkhilhu*l jannah, wa a'idh'hu* min 'adhábilqabri wa 'adhábin nár, wafsah lahu* fí qabrihi,* wanawwir lahu* fíhi. Alláhumma lá tahrimná ajrahu,* wa lá tudillaná ba'dahu.***[23]

4. Pagkatapos ay magsasabi muli ng **Alláhu akbar** sa ikaapat na pagkakataon at saka lilingon sa kanan habang nagsasabi ng **assalámu 'alaykum.**

Minamabuting itaas ang mga kamay sa bawat pagsasabi ng **Alláhu akbar.** Kung ang namatay ay isang sanggol o bata ang ipapanalangin sa kanya ay ganito: **Alláhumamaj'alhu faratan wa dhukhran liwalidayhi, wa shafí'an mujábá. Alláhumma thaqqil bihi mawázínahumá, wa 'adh dhim bihi ujúrahumá, wa alhiqhu bisálihil mu'minín, waj'alhu fí kafálati**

---

[23] O Allah, patawarin Mo siya at kaawaan Mo siya; pangalagaan Mo siya at pagpaumanhinan Mo siya; tanggapin Mo siya nang may karangalan at gawin Mong maluwag ang kanyang libingan; linisin Mo siya sa pamamagitan ng tubig, yelo at niyebe at linisin Mo siya mula sa mga kasalanan at mga kamalian gaya ng pagkalinis ng puting damit mula sa karumihan; palitan Mo ang kanyang tahanan ng tahanang higit na mainam pa kaysa sa dati at ang kanyang asawa ng asawang higit na mainam pa kaysa sa dati. Papasukin Mo siya sa Paraiso at kupkupin Mo siya laban sa pasakit sa libingan at pasakit sa Impiyerno. Palawakin Mo ang kanyang libingan at paliwanagin Mo ito para sa kanya. O Allah, huwag Mo kaming pagkaitan ng bahagi sa kanyang gantimpala at huwag Mong itulot na maligaw kami ngayong wala na siya. (*Ang mga salitang may asterik **(*)** ay papalitan ang **'hu'** o **'hi'** nito ng **'há'** kung ang dinadasalan ay isang babaeng patay, o ng **'humá'** kung ang dindasalan ay dalawang tao, o ng **'hunna'** kung ang dindasalan ay tatlong babae o higit pa, o ng **'hum'** kung ang dinadasalan ay tatlong patay, o higit pa, na mga lalaki o mga lalaki at mga babae.)

**Ibráhíma ‘alayhis salám, wa qihi birahmatika ‘adhábal jahím.**[24]

## C. Ang Puwesto ng Imám sa Saláh sa Patay

Sunnah na tumayo ang imám sa tapat ng ulo ng lalaking patay, at sa tapat ng gitnang bahagi ng katawan ng babaeng patay. Kung pagsasabay-sabayin ang pagsasagawa ng saláh sa mga patay, ganito ang pag-aayos na gagawin:

Ang mga bangkay na lalaki ay nasa harapan ng imám. (Ang ulo ng patay ay nasa kanan ng imám at nakapahalang sa hanay ng mga nakikilahok sa saláh.) Ang mga patay na batang lalaki ay nasa kanan ng mga patay na lalaki; ang mga patay na babae ay nasa kanan ng mga patay na batang lalaki; at ang mga patay na batang babae ay nasa kanan ng mga patay na babae. Ang ulo ng patay na batang lalaki ay nakatapat sa ulo ng patay na lalaki; ang gitnang bahagi ng katawan ng patay na babae ay nakatapat sa ulo ng patay na lalaki; at ang ulo ng patay na batang babae ay nakatapat sa ulo ng patay na babae. Ang mga nakikilahok sa saláh na ito para sa patay ay nakatayo sa likuran ng imám katulad ng sa pangkaraniwang saláh. Maaari ding tumabi sa kanan ng imám kung wala nang matagpuang lugar sa likod ng imám.

---

24 O Allah, gawin Mo siya na isang paunang gantimpala at isang laang yaman para sa mga magulang niya at isang tagapamagitan na tutugunin. O Allah, pabigatin Mo ang mga timbang [ng mga mabuting gawa] nilang dalawa sa pamamagitan niya, palakihin Mo ang mga gantimpala nilang dalawa sa pamamagitan niya, isama Mo siya sa matuwid na mga mananampalataya, ilagay Mo siya sa pangangalaga ni Ibráhím, at pangalagaan Mo siya sa pamamagitan ng awa Mo laban sa pasakit ng Impiyerno.